### III.a Transrespect versus Transphobia Worldwide | Cooperation across continents

The organisations partaking in the presented TvT Survey on the *Social Experiences of Trans and Gender-diverse People* are part of a wider network of activists, researchers and organisations that is grounded in and serves gender-diverse/trans people's movements and activism first and foremost. From 2010 to 2015, TGEU's TvT team worked in cooperation with 23 partner organisations and numerous trans activists and researchers from more than 100 countries in all six world regions and was counselled by an international Advisory Board of more than 25 LGBT, trans, and human-rights experts and researchers, as shown below.

#### I Partner Organisations of the TvT Project

**A Gender Agenda** (Australia)  
**APT**N (Asia-Pacific)  
**ASTRA Rio** (Brazil)  
**Centro de Apoyo a las Identidades Trans A.C.** (Mexico)  
**Diverlex** (Venezuela)  
**GATE** (Argentina/USA)  
**Gender Dynamix** (South Africa)  
**Grupo Gay da Bahia** (Brazil)  
**Labryz Kyrgyzstan** (Kyrgyzstan)  
**LGBT Centre** (Mongolia)  
**LGBT Gayten** (Serbia)  
**Observatorio Ciudadano Trans** (Colombia)  
**Pembe Hayat** (Turkey)  
**PLUS** (India)  
**STRAP** (The Philippines)  
**Red Umbrella** (Turkey)  
**Thai Transgender Alliance** (Thailand)  
**Tonga Leiti Association** (Tonga)  
**Trans China** (China)  
**Transgender Law Center** (USA)  
**TransInterQueer** (Germany)  
**Trans X** (Austria)  
**United and Strong** (St. Lucia)

#### I The TvT Advisory Board from 2010 to 2015 comprised the following members:

**Mauro Cabral** (Argentina), **Peter Hyundal** (Australia), **Dr Nicolas Beger** (Belgium), **Majorie Marchi**, **Dr Luiz Mott** and **Dr Joseli Maria Silva** (Brazil), **Dr Sam Winter** and **Jiangang Zhao** (China), **Dr Thamar Klein** (Germany), **Agniva Lahiri** and **Shabeena Francis Saveri** (India), **Silvan Agius** (Malta), **Sass Rogando Sasot** (the Netherlands), **Jack Byrne** and **Thomas Hamilton** (New Zealand), **Belissa Andía Pérez** (Peru), **Roger Tootooali Stanley** (Samoa), **Victor Mukasa**, **Jabu Pereira** and **Liesl Theron** (South Africa), **Huya Boonyapisompan** (Thailand), **Joleen Mataele** (Tonga), **Kim Mukasa** (Uganda), **Masen Davis**, **Justus Eisfeld**, **Anna Kirey** and **Dr Susan Stryker** (USA), **Dr Tamara Adrián** (Venezuela)

#### I There were further collaborations with activists, researchers and/or legal experts from:

Albania, American Samoa, Antigua, Argentina, Armenia, Australia, Austria, Azerbaijan, Bahamas, Barbados, Belgium, Belize, Bosnia and Herzegovina, Botswana, Brazil, Bulgaria, the Caribbean Netherlands, Chile, Cook Islands, Croatia, Cuba, Cyprus, Denmark, Dominica, East Timor, Estonia, Fiji, Finland, France, Greece, Guam, Haiti, Hungary, Iceland, India, Indonesia, Ireland, Israel, Italy, Jamaica, Japan, Kiribati, Kosovo, Kyrgyzstan, Latvia, Lithuania, Macedonia, Malaysia, Malta, Mexico, Moldova, Mongolia, Montenegro, Namibia, Nauru, Netherlands, New Caledonia, New Zealand, Niue, Norway, Papua New Guinea, Peru, Philippines, Poland, Portugal, Puerto Rico, Romania, Russia, St. Lucia, St. Kitts, St. Vincent, Samoa, Singapore, Sint Maarten, Slovakia, Slovenia, Solomon Islands, South Africa, South Korea, Spain, Suriname, Sweden, Switzerland, Tahiti, Tajikistan, Thailand, Tokelau, Trinidad and Tobago, Uganda, UK, Ukraine, USA, US Virgin Islands, Uzbekistan, Vietnam, Venezuela and Zambia.



### III. b The TvT Publication Series

In 2010, Transgender Europe initiated the TvT Publication Series to translate important human-rights documents and publish TvT research reports in various languages. The country chapters of the present report will be published in local languages in the subsequent volumes of the TvT publications series. All volumes can be downloaded as PDFs from [www.transrespect.org](http://www.transrespect.org).

#### Volume 11 | Transrespect versus Transphobia – The Social Experiences of Trans People in the Philippines (with Filipino Translation)

Charlese Saballe and Carsten Balzer / Carla LaGata (editors), STRAP / TGEU, September 2015

#### Volume 10 | Transrespect versus Transphobia – The Experiences of Leitis in the Kingdom of Tonga

Joleen Mataele and Carsten Balzer / Carla LaGata (editors), TLA / TGEU, September 2015

#### Volume 9 | Transrespect versus Transphobia – The Experiences of Trans and Gender-diverse People in Colombia, India, the Philippines, Serbia, Thailand, Tonga, Turkey and Venezuela

Carsten Balzer / Carla LaGata and Jan Simon Hutta (editors), TGEU, September 2015

#### Volume 8 | Küresel ‘Transfobibye Karşı Trans-Saygi’ – Projes Toplumsal Cinsiyet Farklılığına Sahip Bireylerin /Trans Bireylerin İnsan Hakları Durumunun Karşılaştırmalı İncele

Carsten Balzer ve Jan Simon Hutta (Tamara Adrian, Peter Hyndal ve Susan Stryker’in katkılarıyla...), TGEU, Kasım 2012 (1<sup>st</sup> TvT report Turkish version)

#### Volume 7 | Transrespecto versus Transfobia en el Mundo – Un Estudio Comparativo de la Situación de los Derechos Humanos de las personas Trans

Carsten Balzer y Jan Simon Hutta (con Tamara Adrián, Peter Hyndal y Susan Stryker), TGEU, Noviembre 2012 (1<sup>st</sup> TvT report Spanish version)

#### Volume 6 | Transrespect versus Transphobia Worldwide – A Comparative Review of the Human-rights Situation of Gender-variant/Trans People

Carsten Balzer and Jan Simon Hutta (with Tamara Adrián, Peter Hyndal and Susan Stryker), TGEU, November 2012 (English version)

#### Volume 5 | Direitos Humanos e Identidade de Gênero – Relatório Temático

de Thomas Hammarberg, Comissário de Direitos Humanos do Conselho da Europa (Série de Publicações do TvT – Volume 5)

Issue Paper ‘Human Rights and Gender Identity’, Thomas Hammarberg, Council of Europe Commissioner for Human Rights. (Portuguese translation – English original version)

#### Volume 4 | I Diritti Umani e l’Identità di Genere – Issue Paper

di Thomas Hammarberg, Commissario del Consiglio d’Europa per i Diritti Umani (Pubblicazione per la serie TvT – Volume 4)

Issue Paper ‘Human Rights and Gender Identity’, Thomas Hammarberg, Council of Europe Commissioner for Human Rights. (Italian translation – English original version)

#### Volume 3 | Tożsamość płciowa a prawa człowieka – Dokument tematyczny

autorstwa Thomasa Hammarberga, Komisarza Praw Człowieka Rady Europy (Publikacje projektu TvT – tom 3)

Issue Paper ‘Human Rights and Gender Identity’, Thomas Hammarberg, Council of Europe Commissioner for Human Rights. (Polish translation – English original version)

#### Volume 2 | Menschenrechte und Geschlechtsidentität – Themenpapier

von Thomas Hammarberg, Kommissar für Menschenrechte des Europarats (TvT Veröffentlichungsreihe – Band 2)

Issue Paper ‘Human Rights and Gender Identity’, Thomas Hammarberg, Council of Europe Commissioner for Human Rights. (German translation – English original version)

#### Volume 1 | Derechos humanos e identidad de género – Informe temático

de Thomas Hammarberg, Comisario de Derechos Humanos del Consejo de Europa (Serie de publicaciones de TvT – volumen 1)

Issue Paper ‘Human Rights and Gender Identity’, Thomas Hammarberg, Council of Europe Commissioner for Human Rights. (Spanish translation – English original version)

### III.c About the authors

#### Dr Brenda Rodriguez Alegre

... completed her bachelor's, master's and doctoral (magna cum laude) degrees in Psychology at the University of Santo Tomas. She is a member of STRAP's Board of Directors. She is also the lead coordinator for the English-speaking members of the Transgender Resource Center in Hong Kong. Dr Alegre is a Resident Tutor at Lap Chee College and an Assistant Lecturer at the University of Hong Kong, where she, perhaps one of the few trans\* identifying academics in Hong Kong, teaches Sexuality and Gender. Brenda is also interested in music and singing and performs as a soprano.

#### Carsten Balzer/Carla LaGata

... has been active in several social movements since the mid-1980s and wrote his PhD thesis on trans communities in Brazil, Germany and the United States. S\_he is a founding editor of *Liminalis – Journal for Sex/Gender Emancipation and Resistance* and an Editorial Board member of *Transgender Studies Quarterly* (TSQ). From 2011 to 2012, s\_he was a member of the Advisory Committee of the Open Society Foundations' LGBTI Rights Initiative. Carla supported TGEU from its very beginnings and served as a TGEU Steering Committee member from 2008 to 2012. S\_he is TGEU's Senior Researcher and initiated the TvT project in 2009.

#### Ms. C. Joy Cruz

... is a University Researcher at the University of the Philippines Population Institute. Ms. Cruz holds a double master's degree, in Business Administration and Demography, from the University of the Philippines Diliman. Her areas of specialisation include fertility, gender and sexuality, adolescent studies and technical demography, including population projections and population aging. Her advocacy work includes membership in various non-government organisations, like STRAP Kababaihan Philippines, Inc. and the Philippine Population Association, where she was formerly an officer. She is currently a member of the Board of Trustees and serves as Treasurer of the Demographic Research and Development Foundation, Inc.

#### Jan Simon Hutta

... is a Lecturer at the University of Bayreuth in Germany, working in the Cultural Geography Research Group. He has conducted research on sexual and transgender politics in Brazil and Germany. He received his PhD from The Open University in Milton Keynes, UK. Since 2010, he has conducted research for TvT. He is a committee member of the Space, Sexualities and Queer Research Group (SSQRG) of the Royal Geographic Society, an Editorial Board member of *Revista Latinoamericana de Geografia e Gênero* and a founding editor of *suburban – zeitschrift für kritische Stadtforschung*. He is currently preparing a research project on migrant trans people.

#### Charlese 'Char' Saballe

... is the outgoing Chairwoman of the Society of Transsexual Women of the Philippines (STRAP), the pioneering transgender human-rights advocacy and support organisation for *transpinays*. Charlese is the Philippine project co-coordinator of the Transrespect versus Transphobia (TvT) Project Worldwide, in partnership with Transgender Europe (TGEU). She is also one of the founders of TransAmbassadors Finland and, together with her partner Jaakko Jaskari, is working on a documentary film about trans women. She majored in Statistics at the University of the Philippines and is a Data Analytics professional specialising in data reporting and workforce management.

### III. d Endnotes

- 1 See Council of Europe Commissioner for Human Rights, *Human Rights and Gender Identity*, issue paper, July 2009, available at <https://wcd.coe.int/ViewDoc.jsp?id=1476365> (last accessed on 15 July 2015).
- 2 *Human Rights and Gender Identity* (op. cit.), p. 44.
- 3 C. Balzer and J.S. Hutta, *Transrespect versus Transphobia Worldwide: A Comparative Review of the Human-rights Situation of Gender-variant/Trans People*, November 2012, p. 5, available at [http://www.transrespect-transphobia.org/uploads/downloads/Publications/TvT\\_research-report.pdf](http://www.transrespect-transphobia.org/uploads/downloads/Publications/TvT_research-report.pdf) (last accessed on 15 July 2015).
- 4 See [www.transrespect-transphobia.org](http://www.transrespect-transphobia.org) (last accessed on 15 July 2015). Regarding the TMM and Legal Mapping, Radcliffe observed: 'The project's documentation of transphobic violence and mapping of the legal environment for transgender people are unique and provide a clearer picture of the scale of the problem and of the kinds of responses that can help to address it'. See *Transrespect versus Transphobia Worldwide: A Comparative Review of the Human-rights Situation of Gender-variant/Trans People* (op. cit.) p. 5.
- 5 The second phase of the research implemented in Turkey was conducted by Red Umbrella in Turkey.
- 6 See <http://www.stigmaindex.org/> (last accessed on 15 July 2015).
- 7 In West Bengal, only half of the participants answered the question.
- 8 In Serbia, many of the participants stated 'Yugoslavia', which was the name of the country when they were born.
- 9 Because there is no regulation of legal gender recognition in Serbia, the process depends entirely on administrative officers, which means that trans people's requests can be denied without explanation.
- 10 See, e.g. *Americas Quarterly* 'Colombia strikes physical exam requirement for gender change', 2015, available at <http://www.americasquarterly.org/content/colombia-strikes-physical-exam-requirement-gender-change?utm> (last accessed on 15 July 2015).
- 11 See C. Balzer, *Gender Outlaw Triptychon: Selbstbilder und Formen der Selbstorganisation in den Transgender-Subkulturen Rio de Janeiro, New Yorks und Berlins*, PhD thesis, Free University of Berlin, 2007, pp. 132-134, 348-356, 378, available at: [http://www.diss.fu-berlin.de/diss/receive/FUDISS\\_thesis\\_00000005722](http://www.diss.fu-berlin.de/diss/receive/FUDISS_thesis_00000005722) (last accessed on 1 July 2015).
- 12 Here, it must be taken into account that all respondents did not answer this question in all countries.
- 13 Only six of 28 respondents answered the question.
- 14 C. Brewer, 'Baylan, asog, transvestism, and sodomy: Gender, sexuality and the sacred in early colonial Philippines', *Intersections: Gender, History and Culture in the Asian Context*, 1999, Vol. 2, available at <http://intersections.anu.edu.au/issue2/carolyn2.html> (last accessed on 5 Sept. 2014).
- 15 See J.N. Garcia, 'Male homosexuality in the Philippines: A short history', *I.I.A.S. Newsletter* 35, Nov. 2004, available at [http://www.iias.nl/sites/default/files/IIAS\\_NL35\\_13.pdf](http://www.iias.nl/sites/default/files/IIAS_NL35_13.pdf) (last accessed on 12 June 2015).
- 16 M. Johnson, *Beauty and Power: Transgendering and Cultural Transformation in the Southern Philippines*, Oxford: Berg, 1997, pp. 26-27.
- 17 See 'Baylan, asog, transvestism, and sodomy' (op. cit.).
- 18 See S. Sasot, 'Learning from the Teduray people: Valuing self-determination', *Outrage Magazine*, 30 May 2015, available at <http://outragemag.com/learning-from-the-teduray-people-valuing-self-determination> (last accessed on 3 June 2015).
- 19 J.N. Garcia, *Philippine Gay Culture: Binabae, Bakla, Silahis to MSM*, Diliman, Quezon City: University of the Philippines Press, 2008, pp. 14, 23-25, 36, 162-179; B. Alegre, *Toward a Better Understanding of Hormone and Silicone Injection Use and Self-perception of Transgender Women in the Philippines and Hong Kong*, University of Santo Tomas, Manila, 2013, pp. 9, 16; 'Beauty and power' (op.cit.).
- 20 M. Manalansan, *Global Divas: Filipino Gay Men in the Diaspora*, North Carolina: Duke University Press, 2003, pp. 20-25, 101-105; *Philippine Gay Culture* (op. cit.), pp. 46-60; *Toward a Better Understanding of Hormone and Silicone Injection Use and Self-perception of Transgender Women* (op. cit), pp. 8-9, 16-17.
- 21 *Philippine Gay Culture* (op. cit.), pp. 61-80.

- 22 See S. Sasot, 'Our brave new world: A brief history of the birth of the transgender movement in the Philippines', *Outrage Magazine*, 21 Nov. 2012, available at <http://outragemag.com/our-brave-new-world-third-of-five> (last accessed on 5 Sept. 2014).
- 23 Dr Mely Silverio petitioned to have her first name and sex changed on her birth certificate. In October 2007, the Supreme Court ruled that the petition lacked merit on the following grounds: a person's first name cannot be changed on the ground of sex reassignment, no law allows one's designated sex to be changed on one's birth certificate on the ground of sex reassignment and one's first name and sex cannot be changed on a birth certificate on the ground of equity. See *Silverio vs. Republic of the Philippines* G.R. No. 174689, 22 October, 2007, available at <http://sc.judiciary.gov.ph/jurisprudence/2007/october2007/174689.htm> (last accessed on 25 May 2015).
- 24 Barangay are the smallest administrative units in the Philippines, and there are over 42,000 of them in the country.



I Dr. Brenda Alegre facilitates a training on transhealth for STRAP members

# Salin Sa Filipino

Isinalin sa Filipino nina:  
Sass Rogando Sasot at Hender Gercio

# Kahulugan ng mga Katawagan

Dahil sa napakaraming konsepto at pansariling pakahulugan na ginagamit ng iba't ibang mga komunidad sa mundo, aming magkasalit na gagamitin ang dalawa sa pinakamadalas na ginagamit na katawagan, “mga taong trans” at “gender-diverse na mga tao”. Gayunpaman, batid namin ang kakulangan ng mga terminong nabanggit dahil ang mga ito ay produkto ng Kanluraning diskurso ng kasarian.

Sa konteksto ng TvT Research Project at report na ito, ang mga **taong trans** at **gender-diverse** ay tumutukoy sa mga taong may pagkakakilanlang pangkasarian (gender identity) na kaiba sa kasariang idineklara noong sila ay ipinanganak; at sa mga gustong magpahayag ng kanilang kasarian sa paraang hindi tumutugma sa kasariang iyon. Kabilang sa kanila ang mga taong gustong ipahayag ang kanilang mga sarili na hindi naaayon sa tingin ng lipunan na angkop sa bawat kasarian. Ang ekspresyon na ito ay maaring ipahiwatig sa pamamagitan ng pananalita, pananamit, palamuti sa katawan, pampanganda o pagbago ng katawan. Ang ilan sa napapaloob sa trans at gender-diverse ay ang mga taong transekswal at transgender, lalakeng trans at babaeng trans, transvestite, cross-dresser, walang kasarian, liminal-gender, multigender, mga genderqueer, at mga taong interseks na kinikilala ang sarili bilang kahit ano sa mga nabanggit. Kasama rin sa trans at gender-diverse ang mga taong gumagamit ng lokal, katutubo, at mga sub-kultural na mga kataga - katulad ng Leitis sa Tonga; at mga taong lumaki sa hindi binaryong sistemang pangkasarian ngunit, kinikilala nila ang kanilang mga sarili bilang trans o gender-diverse na mga tao sa internasyonal na konteksto.


Ang “**Transphobia**” at “**Transrespect**” ay ang mga katawagan gumagabay sa proyekto na ito. Ang “**Transphobia**” ay sumasaklaw sa sari-saring uri ng karahasan, diskriminasyon, at negatibong pagtingin sa mga taong trans at gender-diverse. Ang “**Transrespect**” naman ay sa positibong pagkilala, pagtanggap, at paggalang. Kailangang pag-aralan silang pareho upang makagawa ng masinop na pagsusuri at nang makalunsad ng angkop na adbokasiya na kaugnay sa akitibismong trans. Upang bigyang-diin ang kanilang kabuluhan at espesipikong kahulugan sa konteksto ng report na ito, isusulat namin ang mga terminong ito gamit ang malaking titik.

Ginagamit namin ang **Transphobia** para tukuyin ang mga iba't ibang anyo ng karahasan, diskriminasyon, pagkamuhi, pagkasuklam, agresibong pag-uugali at negatibong pagtingin na nakadirekta sa mga indibidwal o grupo na sumusuway o hindi tumatalima sa pananaw ng lipunan sa kung papaano dapat isabuhay ang ating kasarian. Nakapaloob dito ang mga sistematikong uri ng diskriminasyon, kriminalisasyon, patologisasyon, at estigmatisasyon na nakikita sa iba't ibang paraan, katulad ng pisikal na karahasan, hate speech, pang-aalipusta, walang-pakundangang pagtalakay ng media, at iba't ibang klaseng paniniil. Ang mga taong trans at gender-diverse ang kalimitang nakakaranas ng **Transphobia**. Malimit na katambal ng **Transphobia** ang iba't ibang paraan ng panlulupig at karahasan, kaya siya ay dapat suriin sa kanyang konteksto upang mahimay ang kanyang dinamiko. Sa karununganang panlipunan, ang **Transphobia** ay isang kumplikadong panlipunang konsepto; kaya siya ay may mas malawak na kahulugan kaysa sa kung paano ginagamit sa sikolohiya ang terminong “pobyá” na isang uri ng tugong sikolohikal ng isang indibidwal.

Samantala, ang terminong **Transrespect**, sa konteksto ng TvT project, ay hindi lamang tumutukoy sa kawalan ng kahit anong tabas ng **Transphobia**; sa halip ito ay ang pagbibigay ng malalim na respeto at positibong pagkilala sa mga taong trans at gender-diverse. Kabilang din dito ang pagtanggap ng iba't iba at partikular na paraan na kung paano pinapayabong ng sari-saring pagkakakilanlan ang lipunan. Sa gayon, ang konsepto ng **Transrespect** ay kinikilala ang pakinabang sa lipunan at kultura ng “gender non-conformity,” “gender liminality,” at “gender diversity.” Ang **Transrespect** ay naipapahiwatig sa pamamagitan ng pag-uugali ng isang indibidwal at sa pagpapalaganap, pagbago, at paglikha ng mga pormasyong sosyo-kultural, kabilang dito ang mga tungkuling institusyunal, kultural, panlipunan, at panrelihiyon. Samakatuwid, hindi lamang iilang indibidwal o mga minorya ang makikinabang sa **Transrespect** kundi buong lipunan.



| Isang aktibistang trans mula Botswana sa isang international na demonstrasyon ng mga taong trans na ginanap sa Barcelona, Spain noong Hunyo 2010



# I. Paghahambing ng mga karanasan ng mga taong trans at gender-diverse sa Pilipinas, Serbia, Thailand, Tonga, Turkey, Venezuela, pati na rin ang ilang bahagi ng Colombia at India

Carsten Balzer/Carla LaGata and Jan Simon Hutta

## I.1 Pagpapakilala sa TvT project, ang pagtutulungan ng iba't ibang bansa at ang komparatibong pagsisiyasat

Ang komparatibong pagsisiyasat na ilalahad sa report na ito ay nagsimula bilang tugon sa matinding pangangailangan sa mga komparatibong datos na batay sa ebidensiya patungkol sa kalagayan ng karapatang pantao ng mga trans at gender-diverse na tao. Kapupunan ito ng kasalukuyang mga proyekto ng Transgender Europe (TGEU) na Trans Murder Monitoring (TMM) at Legal and Social Mapping; at ito ay bahagi ng pananaliksik na kilala bilang *Transrespto vs. Transphobia sa Buong Mundo* (TvT project).

Noong unang nailathala ang resulta ng TMM sa *Liminalis - A Journal for Sex/Gender Emancipation and Resistance* noong 2009, nabigyang-diin ng nakuha nitong internasyonal na reaksyon ang matinding pangangailangan para sa sistematikong kaalaman tungkol sa paksa. Nabanggit din ang pangangailangang ito noong ikalawang LGBT Human Rights Conference ng Outgames sa Copenhagen noong 2009, kung saan ipiniresenta ni Thomas Hammerberg, komisyoner noon ng Human Rights Council of Europe, ang Human Rights and Gender Identity

issue paper.<sup>1</sup> Ang dokumentong ito ay nagtataglay ng labindalawang tagubilin galing sa mga miyembro ng Council of Europe; ang ikahuli nito ay nagsasabing: “Magsagawa ng mga pagsasaliksik upang makakolekta at makapagsuri ng mga datos na may kaugnayan sa kalagayan ng karapatang pantao ng mga taong transgender at sa diskriminasyon at intoleransiya na kanilang nararanasan dahil sa paglabag ng kanilang karapatan sa pribadong pamumuhay.”<sup>2</sup> At may mas matinding pangangailangan sa pagsasaliksik ng kalagayan ng karapatang pantao ng mga taong trans na hindi nakatira sa Europa.

Ang network ng adbokasiya ng Transgender Europe (TGEU), na itinatag noon 2005, ay nagbigay daan upang tipunin ang kadalubhasaan ng mga aktibistang trans mula sa iba't ibang panig ng mundo. Sa pamamagitan ng 82 miyembrong organisasyon mula sa 41 na bansa at ng istraktura nitong organisasyon, nabuo nito ang TvT project at ang kinakailangang kolaborasyon pati na rin ang pangangasiwang pang-administratibo nito. Ang proyekto ng TGEU ay nakapagbunga ng kaalaman sa sitwasyon ng karapatang pantao ng mga taong trans at gender-diverse sa iba't ibang panig ng mundo. At ito ay naisagawa ng TGEU dahil sa tulong ng ilang dosenang kaanib na organisasyon at mga dalubhasa na galing sa 100 bansa at sa tulong pinansiyal mula sa ARCUS Foundation (USA), Open Society Foundations (USA) at ng Heinrich Böll Foundation



(Germany). Noong 2012, si Charles Radcliffe ng Office of the United Nations High Commissioner for Human Rights (OHCHR) ay nagkomento: “Para matagumpay na maisulong ang karapatan ng mga naaapi at naiisantabi sa lipunan, ang unang hakbang ay ang ilatag ang katotohanan. Ang Proyektong Transrespect versus Transphobia sa Buong Mundo ay isang mahalagang kontribusyon para magawa ito.”<sup>3</sup> Partikular na tinukoy ni Radcliffe ang TvT Trans Murder Monitoring pati na rin ang Legal and Social Mapping, na isang komparatibong pag-aaral ng sitwasyon ng karapatang pantao ng trans at gender-diverse na mga tao sa 140 na bansa.<sup>4</sup>

Ang kasalukuyang report na ito ay pumupunan sa mga proyektong nabanggit sa pamamagitan ng mas malalim at mas tutok na pagsasaliksik partikular sa Transrespect at Transphobia na nararanasan ng mga taong trans at gender-diverse sa kanilang mga sariling bansa. Ito ay nakabatay sa talatanungan na ginawa at ekstensibong sinuri noong 2010 at 2011. Ang sapat na kaangkupan ng talatanungan sa lahat ng kultura at rehiyon ng mundo ay sinegurado naman ng pagsisiyasat ng internasyonal na Advisory Board ng TvT na binubuo ng mga miyembro mula sa Aprika, Asya, Gitna at Timog Amerika, Europa, Hilagang Amerika at Oseaniya. Sa tatlong-araw na Strategic Planning Meeting sa Berlin noong Oktubre 2011, ang mga kinatawan ng mga organisasyon ng mga trans/LGBT sa India (People Like Us), Pilipinas (Society of Transsexual Women of the

## I Kaanib na organisasyon at mga bansa kung saan isinagawa ang pag-aaral ng TvT

DiverLex | Venezuela at ilang parte ng Colombia

Gayten-LGBT | Serbia

Gender DynamiX | walang naisagawang pag-aaral

Pembe Hayat/Red Umbrella | Turkey

People Like Us | India (Kanlurang Bengal)


Society of Transsexual Women of the Philippines | Pilipinas

Thai Transgender Alliance | Thailand

Tonga Leiti Association | Tonga

Philippines), Serbia (Gayten-LGBT), South Africa (Gender DynamiX), Tonga (Tonga Leiti Association) at Venezuela (DiverLex) ay nagpulong upang talakayin ang konsepto ng peer-research at ang pagkakahati-hati ng badyet. Datapwa’t hindi na naipagpatuloy ng Gender DynamiX ang pagsali sa proyekta sa dahil sa iba pa nilang mga gawain; ang Pembe Hayat ng Turkey naman ang sumali noong Nobyembre 2011.<sup>5</sup>

Noong 2012, ang TvT Survey on the Social Experiences of Trans and Gender-diverse People ay isinagawa sa



**Pigura 1** | Ang Pananaliksik tungkol sa Transrespect versus Transphobia sa Buong Mundo: Datos mula sa 140 na bansa © EuroGraphics for the administrative boundaries (date of information July 2015)

Pilipinas, Serbia, Turkey, Tonga at Venezuela, pati na rin sa ilang bahagi ng India at Colombia. Higit sa 660 na trans at gender-diverse na mga indibidwal ang nakapanayam. Noong 2014, isinagawa naman ang karagdagang pagsasaliksik sa Thailand at 202 na talatanungan ang naidagdag habang ang People Like Us ay hindi na naisagawa ang ikalawang yugto ng pagsasaliksik. Ang pagsusuri ng mga datos ay ginawa noong 2014 at 2015. Sa kasamaang-palad, ang kabanata na tungkol sa Venezuela ay hindi umabot sa deadline kaya hindi ito nakasama sa report na ito. Gayunman, ang mga datos mula Venezuela at ang ilang karagdagang datos mula sa ibang bahagi ng Colombia (mga lungsod ng Bogotá, Cali, at Medellin at ng estado ng Manizales), pati na rin ang galing sa Kanlurang Bengal sa India, ay kasama sa komparatibong pag-aanalisa na gagawin sa kamamayaan ng kabanatang ito.

Ang pagsusuri sa 863 na talatanungan mula sa Pilipinas, Serbia, Turkey, Tonga, Venezuela, at ilang bahagi ng Colombia at India ay nagsiwalat ng ilang mga hindi inaasahang resulta. Ang isa sa mga ito ay ang kawalan ng batas na kumikilala sa pagkakakilanlang pangkasarian sa

karamihan ng mga bansang kasama sa pagsasaliksik na ito. Ipinapahiwatig din ng mga datos na mayroong pagkakaiba sa pagitan ng naranasang Transrespect ng mga taong trans at gender-diverse na nasa wastong gulang na sa isang banda; at sa kabilang banda sa naranasang diskriminasyon at karahasan noong sila ay bata pa. Partikular na nakakabahala ang resulta tungkol sa karanasan ng mga trans at gender-diverse na kabataan sa kanilang paaralan: sa karamihan ng mga bansa, mula isang-katlo hanggang halos kalahati ng mga sumagot ng talatanungan ay nagsabing nakaranas sila ng karahasang sekswal sa paaralan. Ang paghahambing naman ng samot-saring relihiyon sa iba't ibang bansa ay nagpapakita na ang isyu ng pagtanggap sa mga taong trans at gender-diverse ay hindi maiiugnay sa relihiyon lamang, dapat ang isyu ng pagtanggap ay iugnay sa partikular na kontekstong kultural at sosyal ng mga kalahok. Bukod pa dito, ang pag-aaral na ito ay nakapagbibigay ng karagdagang empirikal na datos para sa mga isyu na matagal ng tinatalakay ng mga aktibista, katulad ng mga malulubhang klase ng Transphobia sa lipunan. Isang sorpresa na malaman namin

| Mula sa likod paharap: Jan Simon Hutta (TGEU, Germany), Carla LaGata (TGEU, Germany), Naomi Fontanos (STRAP, Pilipinas), Kristian Randelović (Gayten-LGBT, Serbia), Jana Mittag (Heinrich Böll Foundation, Germany), Tamara Adrián (Diverlex, Venezuela), Joleen Mataele (TLA, Tonga), Julia Ehrh (TGEU, Germany), Agniva Lahiri (PLUS, India), Whitney Quanita Booyesen (Gender DynamiX, South Africa), sa presentasyon ng 'Trans Rights Are Human Rights!' pagkatapos ng TVT Strategic Planning Meeting noong October 2011.



na ang ganitong klaseng Transphobia ay makikita rin sa mga bansang inaakalang mga magiliw sa mga taong trans at sa mga may katamtaman o may mataas na antas ng Transrespect, katulad ng Pilipinas, Thailand, at Tonga. Gayundin, ang pagsisisyasat na ito ay nagpatotoo na ang panliligalig at karahasan ng mga pulis ay patuloy na problema sa lahat ng bansa, at ang partikular na nakakaranas nito ay ang mga sex workers.

## 1.2 Pamamaraan

Sa pamamagitan ng peer-research, pinagtambal ng TvT Survey on the Social Experiences of Trans and Gender-diverse People ang pagkolekta ng mga datos at ang pagpapalakas ng hanay ng mga taong trans at gender-diverse. Ang pamamaraang ito ay pinagusapan at pinatibayan ng aming mga kaanib na organisasyon mula sa Aprika, Asya, Europa, Oseaniya, at Timog Amerika sa nabanggit na Strategic Planning Meeting noong Oktubre 2011.

Ngayon naman, ipapaliwanag namin ang pamamaraan ng aming peer-research at ang disenyo ng aming transkultural na talatanungan. Pagkatapos ay aming ipapaliwanag ang pagsasagawa ng pagsisisyasat, pati na rin ang ilang pagkakaiba ng bawat bansa na aming pinagsaliksikan.

### Ang transkultural na talatanungan

Ang talatanungan na ginamit para sa TvT survey ay binabalangkas na siyam na balangay:

1. Pangkalahatang impormasyon
2. Pamilya, mga kaibigan at mga kapareha
3. Edukasyon
4. Merkado ng manggagawa, trabaho, paghahanapbuhay
5. Serbisyong pangkalusugan
6. Mga sistemang legal at katarungang pangkrimen
7. Relihiyon
8. Lipunan
9. Kultura

Ang mga sangay na ito ay sadyang tumatalakay sa mag malawak na paksa upang masaklaw ang mga isyu na

lubos na pertinente sa ilang bansa (e.g. hormone treatment o sex work) kahit pa ang mga ito ay maaaring hindi pertinente sa iba. Saka, ang bawat bahagi ng lahat ng seksyon ay dinesenyo upang maging agpang sa bawat lokal at rehiyonal na konteksto. Para sa layuning ito, ang banhay ng talatanungan ay sinuri ng International Advisory ng TVT, na kinabibilangan ng higit sa dalawampung dalubhasa mula sa lahat ng rehiyon ng mundo. Noong Strategic Planning Meeting ng 2011, ang talatanungan ay nirebisa pang muli hanggang ang pinal na bersyon nito ay napagkasunduan ng lahat ng kaanib na organisasyong dumalo sa pagpupulong na ito.

May mga ilang parte na nangailangang ng masusing atensyon upang ang mga ito ay maging angkop sa iba't ibang kultura. Mga halimbawa dito ay ang listahan ng mga pangunahing relihiyon (Aytem 1.9), ang pagbabalangkas ng tanong katulad nito "Papaano ka ngayon naghahanapbuhay?" (Aytem 1.11) - binago ito upang hindi maging limitado sa pormal na mga trabaho ang konsepto ng paghahanapbuhay. Gayundin, mas pinaboran ang "pagkakakilanlan" kaysa sa "pagkakakilanlang pangkasarian" upang maiwasang gamitin ang mga lengwaheng hango lang sa diskurso ng akademika at pulitika na hinubog sa Global North.

Importante rin na isaysay ang pag-iiba-iba ng mga pagkakakilanlang pangkasarian: ang mga pagkakakilanlang nakabatay sa binaryo na pagkakaintindi sa pagkababae, pagkalalake, ang mga hindi nakapaloob sa binaryong sistema ng kasarian, at ang konsepto ng ikatlong-kasariang. Kaya ang Aytem 1.13, sa seksyon ng pangkalahatang impormasyon, ay nagbigay ng mahabang listahan ng iba't ibang pagkakakilanlan; mayroon ding mga bukas na katanungan. Inespesipika nito ang ilang MTF at FTM na mga pagkakakilanlan na umaangkop sa binaryong sistema ng lalake at babae, pero kasama rin ang "Ibang Pagkakakilanlan" - ikatlong kasarian, walang kasarian, gender-queer, mga katutubo't lokal na pagkakakilanlan at iba pa.

Ang lahat ng seksyon ay may mga puwedeng bilangang mga kasagutan at may tanong ding nag-uudyok ng mga bukas na kasagutan. Ang mga seksyon mula 2 hanggang 9 ay nag-uudyok ng mga mas mahabang pasalaysay na sagot na puwedeng analisahin gamit ang kaparaanang pangkatangian, halimbawa: Aytem 3.4, "Nakatamo ka ba ng espesyal na uri ng respeto at pagkilala mula sa iyong mga guro dahil sa iyong pagkakakilanlan?," o ang Aytem 4.2, "Nakaranas ka ba nang mawalan ng trabaho dahil sa iyong pagkakakilanlan?"

## Ang nakakapagpalakas ng hanay na peer research

Ang konsepto ng pananaliksik na kung saan isinasali ang pagpapalakas ng loob ng mga kalahok sa pagsasaliksik ay nakabatay sa mga pamamaraan ng peer research na ginawa upang maiwasan ang nakasanayang mga pamamaraang nakakapagpababa ng pagkatao ng mga kalahok. Ito ay hinango, na may ilang pagbabago, mula sa People Living with HIV Stigma Index na hinubog sa Global South.<sup>6</sup> Ang TvT survey ay hindi ginawa para maging abstraktong gawaing pang-akademya na itinuturing ang mga taong trans at gender-diverse bilang mga “bagay,” bagkus, ito ay ginawa upang akapin at respetuhin ang pagkatao ng lahat ng mga kalahok. Ang mga taong trans at gender-diverse ay kabilang at patuloy na magiging butod ng proseso ng pagsasaliksik na ito bilang mga tagapanayam at kinakapanayam; sila rin ang nagpapasiya kung papaano tipunin, suriin, at gamitin ang mga impormasyong makakalap. Sa pamamaraang ito, ang mga kalahok sa pagsisiyasat ay kinakapanayam ng kanilang mga kauri. At bukod sa pagbabahagi ng kanilang mga karanasan, sila rin ay may pagkakataong magdagdag kaalaman. Para sa layuning ito, ang lahat ng mga kaanib na organisasyon ay sinanay sa kung paano gawin ang peer research at kung paano ibahagi sa pinakamainam na paraan ang ilang mga pertinenteng mga kaalaman. Ang mga tagapanayam ay sinanay sa wastong proseso ng pakikipanayam at pamumuno ng isang pangkatang talakayang hitik sa pakikipag-ugnayan. Sila rin ay nagabayan kung paano tugunan ang mga mahihirap na emosyonal na sitwasyon at kung paano gabayan ang mga taong may problema na kailangang sumangguni sa mga propesyonal na tagapayo. Ang mahahalagang kasanayan na ito ay puwede ring magamit ng mga tagapanayam kung sila ay (o kung gusto nilang) magkaroon ng pagkakataong magkaroon ng mga proyektong katulad nito o ng ibang kaugnay na pagsasaliksik. Halimbawa, sa Thailand, ang mga nagsanay na tagapanayam ay nakatanggap ng mga sertipiko pagkatapos ng kanilang pagsasanay; ang mga sertipikong ito ay puwede nilang magamit bilang katibayan na taglay nila ang naturang mga kasanayan.

Ang pagsasanay at pagsisiyasat ay naglalayong mapalakas ang loob ng lahat ng tagapanayam at kalahok ng proyektong ito. Ang sabi ng isa sa mga kalahok sa Serbia na isang babaeng trans ay napaka-importante para sa kanya ang lumahok sa pagsisiyasat at alam niya na ang kanyang mga sasabihin ay makakatulong hindi lamang sa kanya kundi sa kanyang mga kapwa taong trans.

Isa sa pinakamahalagang prinsipyo ng pamamaraan ng proyekto na ito ay ang pamunuan ito ng mga taong trans o gender-diverse mismo. Kahit hindi posible na ang mga tagapanayam ay maging ganap na kinatawan ng iba't

ibang klaseng trans o gender-diverse (e.g. mga bata, may kapansanan, mahirap, iba't ibang relihiyon, lahi, atbp.), ang pagiging trans o gender-diverse nila ay nakakatulong sa pagkuha ng kumpanya sa tiwala ng mga kinakapanayam. Higit na nakatulong din na ang lahat na tagapanayam ay kabilang sa mga organisasyong nagbibigay puwang para sa mga hinaing ng mga taong trans at gender-diverse na may iba't ibang karanasan.

Ang isa pang prinsipyo ng proyektong ito ay ang kombinasyon ng pagkolekta ng impormasyon at pagbabahagi ng kaalaman. Dahil dito naibagahi ng mga tagapanayam ang mga importanteng kaalaman tungkol sa kung saan makakakuha ng suporta ang mga taong trans at gender-diverse at kung paano nila maisusulong ang kanilang mga karapatan sa lipunan. Habang ginagawa nila ito, ang mgat aktibista na tagapanayam ay nagkakaroon ng praktikal na karanasan sa pakikipanayam at aktibong pakikinig.

## Komposisyon at pagsusuri ng mga datos

Ang pagsusuring ginawa ay naglalayong makapagbigay ng komparatibong pangkalahatang-ideya ng karanasan sa Transrespect at Transphobia sa iba't ibang aspeto ng buhay. Hangarin ng pagsusuri ang alamin ang mga aspeto na positibo o nakakapangamba at kailangang bigyan ng agarang atensyon ng kinauukulan. Hangarin din nito na paunlarin ang kaalaman ng kauganayan ng Transrespect at Transphobia sa iba pang mga aspeto ng pagkatao katulad ng relihiyon; at kung paano hinuhubog ng ibang konteksto ang hugis ng Transrespect at Transphobia. Ang mga pag-aanalisa na espesipiko sa isang bansa ay naka-pokus sa mga isyu na may kaugnayan sa kanila. Ang mga napag-alaman ay iniuugnay din sa ibang pag-aaral at sa mga angkop na politikal, legal, at sosyal na sitwasyon.

Upang isaayos at ihanda ang mga datos para sa pagsusuri, ang TGEU ay kumuha ng isang propesyonal na analyst. Si Eva Fels, na mula sa organisasyong Trans X sa Austria, ang nag-disenyo ng mga kailangang gamitin sa pag-susuri. At noong pagpupulong ng TvT sa Budapest noong April at Mayo 2014, tinuruan niya ang mga kaanib na organisasyon kung paano gamitin ang mga iyon. Ang mga pag-aanalisa na espesipiko sa isang bansa ay isinagawa sa pagtutulungan ng TGEU at ng mga kaanib nito; ito rin ay ilang ulit na pinag-usapan sa iba't ibang TvT team miting noong 2014 (Budapest, Darwin, Mexico City). Ginawa naman ng mga patnugot ang komparatibong pag-susuri noong 2015.

Ang bilang ng mga datos na nakuha sa pamamagitan ng peer research ay iba-iba sa bawat bansa. Ang bilang sa Colombia at Serbia (24 at 28 na talatanungan sa bawat isa)

ang pinakamababa, ngunit dapat isaalang-alang ang kanilang di parehong bilang ng populasyon: ang Colombia ay may 48 milyon na mga nananahanan habang ang Serbia ay may 7 milyon lang. Ang bilang ng mga talatanungan sa Pilipinas (104) ay nasa mababang iskala rin kung isinaalang-alang ang populasyon nitong 98 milyon. Ang bilang na ito ay katamtaman naman sa Thailand na mayroong 202 na talatanungan (67 milyong nananahanan); ang Turkey, may 109 talatanungan (75 milyong nananahanan); ang Venezuela, may 89 talatanungan (30 milyon); at ang Kanlurang Bengal, may 199 talatanungan (91 milyon). Sa Tonga, 108 talatanungan ang nakumpleto, malaki ito dahil ang populasyon nito ay nasa 103,000 lamang. Bukod sa populasyon ng bansa, ang ilan sa mga dahilan kung bakit iba't iba ang sukat ng mga hanay ng datos ay ang pagkakaiba sa kadalian ng pagpasok sa bawat bansa at rehiyon; at higit sa lahat, may kinalaman din ang iba't ibang lebel ng bisibilidad ng mga taong trans at gender-diverse. Sa Serbia mababa ang bisibilidad na ito, ngunit medyo mataas naman sa ibang bansa.

Ang kasalukuyang report ay nagpokus sa mga puwedeng bilang ng mga aytem sa pagsisiyasat upang maisagawa ang isang komparatibong pangkalahatang-ideya (oberbyu). Sa puntong ito, gusto naming pasalamatang ang napakalaking naiambag ni Eva Fels at ang kanyang kasikapan sa pag-proseso ng mga datos upang maging posible ang paggawa ng komparatibong pag-aanalisa. Ang mga kabanata ng bawat bansa ay nagtataglay ng pagtalakay ng mga pangkatangiang aytems, na maaring pangpakahuluganan sa mga susunod na pag-susuri. Sa mga kabanatang iyan, ang pangkatangiang datos ay pinayaman ng mga salaysay ng mga kalahok sa pagsasaliksik at ng mga ipormasyong ibinigay ng mga lokal na aktibista.

Ang mga resulta ng pagsisiyasat sa bawat bansa ay ilalathala sa bawat kalahok na bansa, kasama ng masaklaw na report, pati na rin ang TVT Publication Series (tingnan ang Apendiks). Dahil dito, ang mga kaanib na organisasyon ay magkakaroon ng pagkakataong bigyan ng pokus ang mga bagay na nangangailangan ng agarang politikal na atensyon. Napagdesisyunan nila na makipagpulong kasama ng mga may kinalaman sa pagsasaliksik, mga

pulitiko, o iba pang mga NGO upang ibunsod at ipresenta ang report ng kanilang bansa.

Ang paraan ng pagsasagawa ng mga panayam ay magkakaiba sa bawat bansa. Halos lahat ng bansa, sinunod ang inirekomendang pamamaraan: personal na peer research. Pero sa Tonga, ang mga talatanungan ay sinagutan ng magkakasama ng mga kalahok habang sila ay ginagabayan ng namumuno ng pananaliksik; ang sesyon na ito ay ginanap sa Nuku'alofa, ang kabisera ng Tonga. Ito ay sa kadahilanang ang Kaharian ng Tonga ay mayroong 176 na isla, 36 dito ay walang nananahanan, at ang paglalakbay sa bawat isla ay lubhang magastos sa oras at pera.

### I.3 Komparatibong Resulta

Ang sinuring datos sa report na ito ay nakabatay sa 863 na nakumpletong talatanungang mula sa Pilipinas (104), Serbia (28), Thailand (202), Tonga (108), Turkey (109) at Venezuela (89). Kabilang din dito ang mga talatanungan mula sa ilang parte ng Colombia (24), i.e. lungsod ng Bogotá, Cali at Medellín at ang estado ng Manizales, pati na rin ang estado ng Kanlurang Bengal sa India (199). Kailangang bigyang-diin na ang ilang mga aytem sa talatanungan ay sinagutan ng ilan lamang sa mga kalahok. Ang isa sa mga dahilan kung bakit ay ang istraktura ng mga tanong: ang ibang tanong ay nawawalan ng saysay kung ang ibang tanong ay sinagutan sa negatibong paraan. Nilagyan namin ng mga endnote ang mga sitwasyong ganyan. Sa kabanata ng bawat bansa matatagpuan ang mas maraming detalye tungkol sa gaano karami ang sumagot ng bawat isang tanong.

#### Gulang at pandarayuhan

Ang karaniwang edad ng mga lumahok sa pagsusuring ito ay 28.5 taong gulang, ngunit ito ay lubhang magkakaiba sa sa bawat bansa. Halimbawa, sa Thailand at India

Table 1 | Gulang

	Pilipinas	Serbia	Thailand	Tonga	Turkey	Venezuela	Colombia	India (Kanlurang Bengal)
<b>Average</b>	27.5	30.5	25.5	28.0	35.0	28.9	26.8	25.5
< 23	59%	19%	75%	38%	5%	53%	63%	68%
24 - 27	17%	22%	11%	19%	11%	15%	17%	18%
28 - 30	16%	19%	6%	9%	14%	15%	8%	9%
31 - 35	9%	15%	8%	14%	32%	18%	13%	6%
> 35	0%	26%	0%	20%	38%	0%	0%	0%




Figura 2 | Nabubuhay ayon sa mas gustong kasarian

(Kanlurang Bengal)<sup>7</sup> ang average na edad ay 25.5 taong gulang, ngunit ang 75 porsiyento at 68 porsiyento na lumahok sa bawat isa sa kanila ay nasa edad na 23 pababa; habang sa Turkey naman ang karaniwang edad ay 35, na mayroong 5 porsiyento lamang sa edad na 23 pababa, ngunit 38 porsiyento ang higit sa 35.

Karamihan sa lahat ng kalahok ay ipinanganak sa kanilang sariling bansa, 95 porsiyento sa India hanggang 100 porsiyento sa Colombia at Serbia.<sup>8</sup> Gayundin, ang karamihan sa kanila ay tumira sa lungsod, nayon o isla sa kung saan sila ipinanganak at pinalaki, 56 porsiyento sa Serbia hanggang 93 porsiyento sa Tonga.

Ang mga detalye tungkol sa pandarayuhan at mga dahilan ng pandarayuhan ay matatagpuan sa kabanata ng bawat bansa.

### Pagkakakilanlang pangkasarian at ekspresyong pangkasarian

Tulad ng ipinaliwanag kanina, may mga tanong sa talatanungan tungkol sa espesipikong pagkakakilanlang pangkasarian ng mga kalahok. Maliban sa Serbia, na kung saan mayroong 64 porsiyentong mga kumikilala sa kanilang mga sarili bilang FTM, halos lahat ay kinikilala ang kanilang mga sarili bilang babaeng trans at taong gender-diverse (e.g. ang lokal na pagkakakilanlang Leiti sa Tonga). Ang bilang ng mga babaeng trans at gender-diverse

ay mula 80 porsiyento sa Pilipinas at Venezuela hanggang 96 porsiyento at 100 porsiyento sa Colombia at Tonga.

Maaaring may dalawang pangunahing dahilan kung bakit mas maraming kalahok na babaeng trans at mga taong trans at gender-diverse na babae ang pagkakakilanlan (female-identified). Sa isang banda, maliban sa Serbia, sa lahat ng bansa ang pananaliksik ay isinagawa ng mga organisasyong pinangungunahan ng mga babaeng trans at gender-diverse na mga tao na malapit sa mga komunidad na ito. Sa kabilang banda, sa halos lahat ng bansa mas lantad ang mga babaeng trans at gender-diverse na mga tao kaysa sa mga lalakeng trans at gender-diverse; ito marahil ang dahilan kung bakit din mas madaling makipag-uganayan sa kanila. Gayunman, ang kakulangan ng boses ng mga lalakeng trans at gender-diverse sa TVT survey ay makakaapekto sa mga resulta ng pag-aaral na ito; kaya ang isyu na ito ay dapat bigyang pansin sa mga gagawin pang pananaliksik sa hinaharap.

Ang tanong tungkol sa kung pinalaki ba ang mga kalahok ayon sa kanilang kasalukuyang pagkakakilanlang pangkasarian ay nagdulot ng mga inaasahan at di-inaasahang mga sagot. Habang ang lahat sa Colombia at Venezuela ay nagsabi na hindi, dalawa sa tatlo ang nagsabi na hindi rin sa Serbia, Turkey, Thailand at Tonga, sa India (Kanlurang Bengal) at habang sa Pilipinas naman kalahati lang ng mga kalahok ang nagsabi na hindi sila pinalaki ayon sa kanilang kasalukuyang pagkakakilanlang pangkasarian.

Table 2 | Paninirahan at pandarayuhan

	Pilipinas	Serbia	Thailand	Tonga	Turkey	Venezuela	Colombia	India (Kanlurang Bengal)
Ipinanganak sa bansa	98%	100%	96%	99%	96%	96%	100%	95%
Pinalaki sa kasalukuyang kinalalagan	84%	56%	72%	93%	62%	60%	63%	81%




Figura 3 | Kasarian nakalagay sa mga dokumento

Ang tanong na nakapagtamo ng mas pare-parehong sagot ay ang tungkol sa kung ang mga kalahok ay nababubuhay na ayon sa kanilang pagkakakilanlang pangkasarian. Maliban sa India (Kanlurang Bengal), halos lahat ng mga kalahok sa ibang bansa ay nagsabi na sila ay parati o madalas namang nabubuhay ayon sa kanilang pagkakakilanlang pangkasarian: 96 porsiyento sa Thailand, 95 porsiyento sa Turkey, 94 porsiyento sa Venezuela, 92 porsiyento sa Colombia at Tonga, 90 porsiyento sa Pilipinas at 86 porsiyento sa Serbia. Sa India (Kanlurang Bengal), 51 porsiyento lang, habang 11 porsiyento naman ang nagsabing hindi sila kailanman nabuhay ayon sa kanilang pagkakakilanlang pangkasarian.

### Legal na pagkilala sa pagkakakilanlang pangkasarian

Sa malaking pagkakaiba ng mga napag-alaman sa naunang seksyon, ang tanong tungkol sa kung ang pagkakakilanlang

pangkasarian ba ng mga kalahok ang nakalagay sa kanilang mga dokumento ay karaniniwang negatibo ang sagot. Maliban sa Serbia, ang mga sumagot sa halos lahat ng bansa na nabubuhay na sila ayon sa kanilang pagkakakilanlang pangkasarian ay sumagot din na hindi kinikilala ng batas ang kanilang isinasabuhay na kasarian. Sa Colombia at Venezuela, 100 porsiyento; sa Tonga, 99 porsiyento; sa Thailand, 97 porsiyento; sa India, 96 porsiyento; sa Pilipinas, 94 porsiyento; sa Turkey, 82 porsiyento; at sa Serbia, 62 porsiyento ng mga lumahok ay nagsabi na ang kanilang pagkakakilanlang pangkasarian ay hindi kinikilala ng batas.

Hindi lamang binibigyang diin ng pag-aaral na ito na kailangan ang legal na pagkilala sa pagkakakilanlang pangkasarian sa Pilipinas, Thailand, Tonga, Serbia<sup>9</sup> at Venezuela, isinasaalang-alang din ang praktikal na gamit ng mga batas na kikalala sa pagkakakilanlang pangkasarian sa India (Kanlurang Bengal) at Turkey. Sa kabutihang-palad, noong June 2015, ang Ministeryo ng Hustisya at ng

Table 3 | Pagkakakilanlang Pangkasarian

	Pilipinas	Serbia	Thailand	Tonga	Turkey	Venezuela	Colombia	India (Kanlurang Bengal)
Babaeng trans	78%	36%	89%	-	86%	80%	96%	95%
Lalakeng trans	13%	64%	1%	-	8%	20%	4%	1%
Iba pa	3%	-	8%	100%	6%	-	-	-
Walang sagot	6%	-	2%	-	-	-	-	4%

Table 4 | Nabubuhay ayon sa mas gustong kasarian

	Pilipinas	Serbia	Thailand	Tonga	Turkey	Venezuela	Colombia	India (Kanlurang Bengal)
Parati	85%	67%	94%	91%	89%	82%	88%	44%
Madalas	5%	19%	2%	1%	6%	12%	4%	17%
Minsan	9%	11%	2%	3%	4%	4%	8%	14%
Madalang	0%	4%	0%	2%	1%	1%	0%	14%
Hindi kailanman	1%	0%	1%	4%	1%	0%	0%	11%

**Table 5 |**  
Diskriminasyon sa paaralan

	Pilipinas	Serbia	Thailand	Tonga	Turkey	Venezuela	Colombia	India (Kanlurang Bengal)
Pormal na edukasyon	87%	100%	92%	90%	98%	100%	100%	100%
Mahirap ang pagpapalit ng paaralan/klase	30%	34%	10%	2%	33%	42%	54%	18%
Kawalang-galang ng mga guro	24%	32%	12%	4%	18%	31%	42%	22%
Karahasan galing sa mga guro	13%	4%	5%	6%	2%	9%	22%	13%
Pambubulas ng mga estudyante	72%	50%	27%	8%	61%	79%	92%	37%
Karahasan galing sa mga estudyante	22%	25%	8%	28%	31%	47%	67%	32%
Karahasang sekswal	35%	4%	29%	13%	23%	29%	46%	48%

Ministryo ng Interyor ng Colombia ay lumagda ng atas na hindi na kakailanganin ang sikolohikal at pisikal na mga eksaminasyon para patunayan ng aplikante ang kanyang pagkakakilanlang pangkasarian. Pinasimple nito ang proseso ng legal na pagbabago ng kasarian sa mga dokumento. Noong 9 Hunyo 2015, may sampung Colombian na trans ang nakinabang sa bagong mga patakarang ito.<sup>10</sup> Ang ibang karagdagang detalye, e.g. tungkol sa epekto ng kawalan ng batas na legal na kumikilala sa pagkakakilanlang pangkasarian ng mga taong trans at gender-diverse ay mababasa sa kabanatang nakalaan para sa bawat bansa.

### Mga karanasan sa paaralan

Lahat o halos lahat ng mga kalahok ay nakatamo ng pormal na edukasyon, may ilang eksepsiyon lang sa Pilipinas (87 porsiyento), Tonga (90 porsiyento) at Thailand (92 porsiyento).

Ang pag-susuri sa karanasan sa paaralan ng mga kalahok sa lahat ng bansa ay nagpapakita ng ilang mga nakakabahalang bagay. Sa higit sa kalahati ng mga bansa (Pilipinas, Turkey, Serbia, Venezuela, Colombia), isang-katlo hanggang kalahati ng mga kalahok ay nagsabing nahihirapan silang magpalit ng klase o ng eskuwelahan dahil sa mga di kaaya-ayang mga karanasan na may kinalaman sa kanilang pagkakakilanlan. Sa Tonga, 2 porsiyento lamang ang nagsabing mahirap ang magpalit ng klase o eskuwelahan, habang sa Thailand at India (Kanlurang Bengal) ay 10 porsiyento at 19 porsiyento


naman. Ang hindi paggalang ng mga guro sa kanilang mga pagkakakilanlang pangkasarian ay naranasang ng isang-katlo o higit pa ng mga kalahok sa Venezuela, Serbia at Colombia. Sa Colombia, 22 porsiyento ang nagsabi na nakaranas sila ng karahasan mula sa kanilang mga guro dahil sa kanilang pagkakakilanlan, sa India (Kanlurang Bengal) at sa Pilipinas ay 13 porsiyento, sa Venezuela 9 porsiyento, sinundan ito ng Tonga (6%), Thailand (5%), Serbia (4%) at Turkey (2%).

Kahit na ang tanong na ito ay hindi lantarang kasama sa pagisisyasat, mahalagang bigyang-diin na hindi lahat ng kalahok ay nabubuhay nang ayon sa kanilang gustong kasarian sa kanilang paaralan. Gayunpaman, ang tanong tungkol sa kung anong edad nagsimulang ipresenta ng mga kalahok ang kanilang mga sarili ng ayon sa kanilang pagkakakilalan sa kanilang pamilya ay maaring magbigay linaw tungkol dito. Habang sa Colombia, Pilipinas, Thailand and Tonga, ang karaniwang edad ay mula 9.6 (Thailand) hanggang 10.7 (Tonga), ang sa India (Kanlurang Bengal) ay 12.1, at ang sa Venezuela naman ay 13.6. Sa Serbia and Turkey, ang karaniwang edad ay 16.5 and 17.5. Nabanggit ng may-akda ng report ng Turkey na maraming taong trans sa Turkey ang sapolitang pinapaalis sa paaralan. Ang isa sa mga kalahok sa Serbia naman ay nagsabing nagpalit siya ng paaralan dahil siya ay sekswal na inabuso sa una niyang paaralan. Sa Pilipinas, ang mga konserbatibong Kristiyanong paaralan ay may mga polisiya na ang mga estudyante ay dapat magsuot ng uniporme na naayon sa kasarian nila noong kapanganakan nila.

**Table 6 |**  
Diskriminasyon sa trabaho

	Pilipinas	Serbia	Thailand	Tonga	Turkey	Venezuela	Colombia	India (Kanlurang Bengal)
Bayad na trabaho	55%	46%	54%	78%	88%	61%	42%	33%
Di tinanggap sa trabaho	40%	11%	22%	4%	52%	84%	87%	12%
Nawalan ng trabaho	11%	12%	2%	5%	39%	18%	11%	0%
Sex work	47%	14%	37%	21%	76%	68%	95%	26%
Employment support	41%	8%	16%	30%	2%	1%	0%	36%





**Figura 4 | Pangkalahatang serbisyong pangkalusugan at serbisyo na may kinalaman sa pagiging trans**

Ang mga datos tungkol sa pambubulas (bullying) ng ibang estudyante ay lubhang nakakabahala: sa halos higit sa kalahati ng mga bansa, mula kalahati hanggang sa halos lahat ay nakaranas mabulas. Sa Colombia, 92 porsiyento ang nakaranas ng pambu-bully sa paaralan, sinundan ito ng Venezuela (79%), Pilipinas (72%), Turkey (61%) at Serbia (50%). Sa India (Kanlurang Bengal) 37 porsiyento ang nagasabing sila ay nabulas, sa Thailand 27 porsiyento at sa Tonga 8 porsiyento.

Maliban sa Thailand, sa lahat ng bansa mula isang-kapat hanggang isang-katlo ng mga kalahok ay nagsabing sila ay nakaranas ng pisikal na pag-atake ng ibang estudyante dahil sa kanilang pagkakakilanlan. Sa Colombia, 67 porsiyento ang nagsabi na sila ay pisikal na inatake ng ibang estudyante, sinundan ito ng Venezuela (47%), India (Kanlurang Bengal) (32%), Turkey (31%), Tonga (28%), Serbia (22%) at Pilipinas (22%). Muli, dapat isaisip na baka sa Serbia at Turkey ang mga taong trans ay hindi nakapag-ekspres ng kanilang kasarian sa maagang edad. At lalong mas nakakabahala ang mga datos tungkol sa karanasan sa sekswal na karahasan sa paaralan. Sa India (Kanlurang Bengal) at Colombia, halos kalahati ng mga kalahok ay nagsabi na sila ay nakaranas ng sekswal na karahasan mula sa ibang estudyante dahil sa kanilang pagkakakilanlan, sinundan ito ng Pilipinas, Venezuela at Thailand, na kung saang hanggang isang-katlo ng mga kalahok ay nakaranas din nito. Sa Tonga, na may 8 porsiyento ng mga kalahok ang nagpahayag na nakaranas ng sekswal na karahasan, isa sa mga mga kalahok ay nagpaliwanag na siya ay madalas pinipilit ng mga mas nakakatandang lalaki na makipagtalik. Ang isa naman ay nagpahiwatig na siya ay pinilit na magsagawa ng oral seks sa kanilang dormitoryo.

Bilang buod, inihimaton ng pagsisiyasat na dapat bigyan ng agarang pansin ang karanasan ng mga taong trans at gender-diverse sa paaralan. Kahit na napakataas ng antas ng Transrespect sa Tonga (tingnan sa baba), ang napakaraming insidente ng pisikal na atake at sekswal na karahasan sa mga paaralan ng bansang iyan ay nakakabahala. Ang mga karanasan sa paaralan ay mas tatalakayin ng mas mahaba sa mga kabanatang nakalaan para sa Pilipinas at Tonga. Bukod dito, ang marahas at mapang-diskriminang pakikitungo ng mga guro at ibang estudyante ay maaring mga dahilan din kung bakit maraming taong trans at gender-diverse ang nagsimulang i-ekspres sa kanilang pamilya ang kanilang pagkakakilanlan noong huling parte na ng kanilang kabataan; ito ay mas kapansin-pansin sa sitwasyon ng Serbia at Turkey.

### Mga karanasan sa paghahanapbuhay at bayad na trabaho

Isa pang kapansin-pansing pagkakaiba ng mga bansa ay ang karanasan sa merkado ng manggagawa. Bilang tugon sa katanungan tungkol sa kung mayroon silang pinagkakakitaang hanapbuhay, ang mga kalahok ay nagbigay ng paayong sagot: 33 porsiyento sa India (Kanlurang Bengal) at 42 porsiyento sa Colombia, 78 porsiyento sa Tonga at 88 porsiyento sa Turkey. Agaw pansin ang resulta sa Pilipinas, may ilang kalahok ang nagpahayag na sila ay pinapahalagahan ng kanilang pamilya dahil sila ay nagbibigay ng pinansiyal na suporta. Sa Colombia, 87 porsiyento ng mga kalahok ay nagsabi na sila ay hindi tinanggap sa trabaho nang isa or dalawang beses dahil sa kanilang pagkakakilanlang pangkasarian;

Table 7 | Relihiyon

	Pilipinas	Serbia	Thailand	Tonga	Turkey	Venezuela	Colombia	India (Kanlurang Bengal)
Budismo	1%	0%	97%	0%	0%	0%	0%	0%
Kristiyanismo	91%	63%	1%	96%	3%	70%	83%	0%
Hinduismo	0%	0%	0%	0%	0%	0%	0%	82%
Hudaismo	0%	0%	0%	0%	0%	0%	0%	6%
Islam	2%	4%	2%	0%	76%	0%	0%	12%
Sikh	0%	0%	0%	0%	0%	0%	0%	0%
Taoismo	0%	0%	0%	0%	0%	0%	0%	0%
Walang Relihiyon	4%	33%	0%	4%	15%	30%	17%	0%
Iba pa	4%	0%	0%	0%	6%	0%	0%	0%

sinabi rin yan ng 84 porsiyento sa Venezuela, at 52 porsiyento sa Turkey, pero sa Tonga 4 porsiyento lang ang may ganyang karanasan. Sa Serbia, na kung saan may 11 porsiyento ng mga kalahok ang nagpahayag ng ganyang karanasan, isa sa mga kalahok ang nagpaliwanag na hindi nagugustuhan ng mga maypagawa na ang kanilang kasarian sa kanilang dokumento ay hindi tugma sa kanilang hitsura.

Sinagot din ng paayon ang tanong tungkol sa kung nawalan ba ang mga kalahok ng trabaho dahil sa kanilang pagkakakilanlang pangkasarian: 39 porsiyento ng mga kalahok sa Turkey at 19 porsiyento sa Venezuela, ngunit 5 porsiyento lang sa Tonga at 2 porsiyento sa Thailand ang nakaranas nito. Nakatanggap naman ang 41 porsiyento ng mga kalahok sa Pilipinas ng suporta sa trabaho katulad ng pagsasanay, gayon din ang 36 porsiyento sa India (Kanlurang Bengal) at 30 porsiyento sa Tonga, ngunit 1 porsiyento lang sa Venezuela at wala sa Colombia ang nakatanggap nito.

Ang mga karanasang ito ay maari ring makita sa mga sagot ng mga trans at gender-diverse na mga tao na ang hanapbuhay ay sex work. Siyamnaput siyam na porsiyento ng mga kalahok sa Colombia, 76 porsiyento sa Turkey, 68 porsiyento sa Venezuela at 47 porsiyento sa Pilipinas,

ngunit 21 porsiyento lang sa Tonga at 14 porsiyento sa Serbia, ang nagsabing ang hanapbuhay nila ay sex work.

Ang malaking bilang ng mga sex workers sa Colombia, Venezuela at Turkey ay maaring may koneksyon sa mataas na antas ng diskriminasyon sa merkado ng manggagawa, pati na rin sa lubhang nakakabahalang insidente ng karahasan at diskriminasyon na nararanasan ng mga taong trans at gender-diverse sa paaralan. Gaya nga nang naipakita ni Balzer sa kanyang pag-aaral sa mga taong trans sa Rio de Janeiro, ang ilang mga trans na sex workers ay nagsimula sa ganyang trabaho noong sila ay mga tinedyer pa lang dahil sa mga transpobik na karanasan sa paaralan at pamilya.<sup>11</sup> Sa pangkalahatan, ang pagkakaiba ng bilang ng mga kalahok sa bawat bansa ay dapat huwag kalimutan, lalo na sa kaso ng Serbia. Ang medyo mababang bilang ng mga trans sex workers sa Serbia ay maaring dulot ng kahirapn sa paghahanap ng lokal na kapanig na maaring makipag-ugnayan sa mga trans na sex workers. Ang posibilidad na ito ay dapat isaalang-alang sa mga susunod pang pag-aaral.

Gayunpaman, ang mga karanasan sa trabaho, kasama na ang sex work, ay nagpapahiwatig na lubhang kailangan na pabuthin ang sitwasyong pangtrabaho ng mga taong trans at gender-diverse sa lahat ng bansa.

Table 8 | Karanasan sa mga pinakamalalaking relihiyon

	Pilipinas	Serbia	Thailand	Tonga	Turkey	Venezuela	Colombia	India (Kanlurang Bengal)
<b>Pagiging lantad sa loob ng relihiyon</b>								
Palagi	71%	23%	80%	80%	16%	23%	33%	12%
Minsan	11%	0%	7%	12%	13%	20%	39%	2%
Hindi nasubukan	15%	54%	7%	7%	67%	16%	6%	35%
Hindi kabilang sa anumang relihiyon	3%	23%	6%	1%	4%	41%	22%	51%
<b>Puwedeng sumali sa mga gawain ng relihiyon</b>								
Hindi	16%	0%	2%	5%	8%	78%	38%	0%
Kung hindi ilalantad ang pagkakakilanlan	7%	0%	0%	4%	8%	11%	25%	19%
Oo	77%	100%	98%	91%	84%	11%	37%	81%

## Mga karanasan sa sistema ng pangangalaga ng kalusugan

Ang bilang ng mga trans at gender-diverse na tao na hindi nabigyan ng serbisyong pangkalusugan dahil sa kanilang pagkakakilanlan ay nakakagulat. Sa Turkey, 24 na kalahok (o 68% ng lahat ng kalahok na sumagot ng tanong tungkol dito) ay nagsabing sila ay hindi binigyan ng serbisyong pangkalusugan dahil sa kanilang pagkakakilanlan. Sa Pilipinas, 13 na kalahok (o 46% ng lahat ng kalahok na sumagot ng tanong) ay ganoon din ang naging sagot, habang sa Venezuela walo (o 6% ng lahat ng kalahok na sumagot ng tanong), sa India (Kanlurang Bengal) anim (o 60% ng lahat ng kalahok na sumagot ng tanong), sa Thailand dalawa (o 17% ng lahat ng kalahok na sumagot ng tanong) at sa Colombia at Tonga walang kalahok ang sumagot ng paayon. Sa Serbia, halimbawa, ang isa sa mga kalahok ay ipinaliwanag ang kanyang karanasan: ‘Tumanggi ang doktor na suriin o kahit tignan ako at isulat na maayos ang lagay ng aking kalusugan.’

Iba naman ang naging resulta ng pagsusuri sa mga tanong tungkol sa serbisyong pangkalusugan na may kinalaman sa pagiging trans. Siyamnaput siyam na porsiyento ng mga kalahok sa Tonga ay nagsabing hindi sila kailanman kumonsulta ng mga propesyonal para sa mga serbisyong pangkalusugan na may kinalaman sa pagiging trans. Laganap din ang ganitong sitwasyon sa halos lahat ng ibang bansa: 83 porsiyento sa India (Kanlurang Bengal), 66 porsiyento sa Pilipinas, 62 porsiyento sa Turkey, 61 porsiyento sa Colombia at 48 porsiyento sa Thailand ay hindi nakatanggap ng serbisyong pangkalusugan na may kinalaman sa pagiging trans. Ang resulta sa Thailand ay mas lalong nakakagulat dahil ito ay isang bansa na kung saan pumupunta ang karamihan sa mga taong trans sa rehiyon na iyan para sa gender-reassignment surgery. Sabi nga ng mga may-akda ng kabanatang nakalaan para sa Thailand ‘ang serbisyong pangkalusugan na may kinalaman sa pagiging trans ay bihira pa rin sa Thailand’. Sa Serbia lang na ang karamihan (81%) ay nakatanggap ng serbisyong pangkalusugan na may kinalaman sa pagiging trans. Ang mga dahilan na ibinigay ng mga kalahok kung bakit hindi sila nakatanggap ng serbisyong pangkalusugan na may kinalaman sa pagiging trans ay magkakaiba: may nagsabing kulang talaga ang ganyang serbisyo, may nagsabi rin na kulang

din ang kaalaman tungkol sa kung paano makakuha ng ganyang serbisyo, at mayroon din nagsabing napakamahal kasi ng serbisyong iyan. Sa Tonga at Turkey, 95 porsiyento at 82 porsiyento ang nagsabi na walang serbisyong pangkalusugan na may kinalaman sa pagiging trans, sa Thailand (8%), India (2%) at Serbia (0%).<sup>12</sup> Ang talatanungan ay may mga espesipikong tanong tungkol sa serbisyong pangkalusugan na may kinalaman sa pagiging trans, na hindi namin inalisa nang pakomparatibo dahil sa hindi pagkakapare-pareho ng bilang ng mga kalahok. Ang mga tanong na ito ay inalisang mas mabuti sa kabanatang nakalaan para sa bawat bansa.

## Mga karanasan sa mga relihiyosong komunidad

Ang karamihan sa mga kalahok ay napapabilang sa isa sa mga apat na pinakamalaking relihiyon sa mundo: Budismo (97% sa Thailand), Kristyanismo (96% sa Tonga, 91% sa Pilipinas, 83% sa Colombia, 70% sa Venezuela, at 3% sa Serbia), Hinduismo (82% sa India (Kanlurang Bengal)) at Islam (76% sa Turkey). Sa Serbia at Venezuela lamang na ang isang-katlo ng mga kalahok ay nagsabi na wala silang relihiyon.

Ang paraan kung paano tinatratro ang mga kalahok at kung paano sila kumilos sa loob ng kanilang relihiyon ay magkakaiba sa bawat relihiyon at sa bawat bansa rin. Sa lahat ng bansa maliban sa India (Kanlurang Bengal) (82% Hindu, 12% Muslim, 6% Hudyo), 1 hanggang 6 porsiyento lamang ng mga kalahok ang kabilang sa relihiyon na iba sa dominanteng relihiyon ng bansa. Dahil sa kawalan ng maaasahang datos, kami ay nag-pokus lang sa mga sumusunod na mga karanasan sa loob ng mga pinakamalalaking relihiyon sa bawat bansa.

Sa 97 porsiyento ng mga taong trans at gender-diverse sa Thailand na mga Budista, 80 porsiyento ang nagsabi na hindi nila kailanman tinago ang kanilang pagkakakilanlan, at 98 porsiyento ang nagsabing sila ay puwedeng sumali sa mga gawain ng relihiyon. Sa 82 porsiyento na mga taong trans at gender-diverse sa India (Kanlurang Bengal) na mga Hindu, 12 porsiyento lamang ang nagsabi na hindi nila kailanman tinago ang kanilang pagkakakilanlan, at 81 porsiyento ang nagsabing sila ay puwedeng sumali sa mga gawain ng relihiyon. Sa 76 porsiyento na mga taong trans

**Table 9 |**

Diskriminasyon sa lipunan

	Pilipinas	Serbia	Thailand	Tonga	Turkey	Venezuela	Colombia	India (Kanlurang Bengal)
Diskriminasyon (parati/madalas/minsan)	80%	89%	54%	22%	88%	100%	100%	82%
Diskriminasyon (parati)	19%	15%	13%	2%	66%	35%	39%	32%
Nabutas/inatake	28%	36%	5%	16%	73%	84%	88%	40%




Figura 5 | Karanasan sa panliligalig ng pulis

at gender-diverse sa Turkey na Muslim, 16 porsiyento lamang ang nagsabi na hindi nila kailanman tinago ang kanilang pagkakakilanlan, at 84 porsiyento ang nagsabing sila ay puwedeng sumali sa mga gawain ng relihiyon.

May lubos na pagkakaiba naman ang resulta pagdating sa mga taong trans at gender-diverse na Kristiyano na nasa bansang marami ang mga Kristiyano. Sa Tonga, 96 porsiyento ng mga taong trans at gender-diverse ay Kristiyano, 80 porsiyento nito ang nagsabi na hindi nila kailanman tinago ang kanilang pagkakakilanlan. Sa Pilipinas, 71 porsiyento ang nagsabi sa 91% na Kristiyano na sumagot, sa Venezuela 23 porsiyento sa 70% na Kristiyano na sumagot, at sa Serbia 23 porsiyento sa 63% na Kristiyano na sumagot. Kasabay nito, 100 porsiyento ng mga Kristiyanong trans at gender-diverse na mga tao sa Serbia ay nagsabi na sila ay pinapayagang sumali sa mga gawain ng relihiyon;<sup>19</sup> 91 porsiyento nagsabi niya sa Tonga at 77 porsiyento sa Pilipinas, ngunit 11 porsiyento lamang sa Venezuela ang sumagot ng paayon.

Ang pagkakaiba ng resulta sa karanasan ng mga Kristiyanong trans at gender-diverse na mga tao sa iba't ibang bansa ay maliwanag na nagpapakita na ang pagtanggap ng mga relihiyon sa mga taong trans at gender-diverse ay hindi maiuugnay sa relihiyon lang mismo; ito ay dapat ding iugnay sa partikular na panlipunan at pangkulturang konteksto. Ito ay lalong makikita kapag inihambing ang Tonga sa Colombia at Venezuela.

### Mga karanasan sa lipunan: Transrespect vs. diskriminasyon at karahasan

Habang ang nauang mga bahagi ay nag-pokus sa mga partikular na aspeto ng lipunan katulad ng paaralan, trabaho, at pamilya, ang tumpalan ng huling bahagi ng pananaliksik ay ang pangkalahatang karanasan sa lipunan. Maliban sa Tonga, ang karamihan sa mga kalahok sa lahat ng bansa ay nagsabi na sila ay naniniwala na ang mga taong trans at gender-diverse ay nakakaranas ng lubhang diskriminasyon sa lipunan, mula 100 porsiyento sa Colombia at Venezuela hanggang 89 porsiyento sa Serbia, 88 porsiyento sa Turkey, 82 porsiyento sa India (Kanlurang Bengal), 54 porsiyento sa Thailand at 22 porsiyento lang sa Tonga ang nagsabi nito. Sabi ng mga may-akda ng kabanatang nakalaan para sa Thailand, ipinapakita ng TVT survey na mayroong diskriminasyon laban sa mga taong trans sa Thailand, at dahil dyaan isang maling kuro-kuro ang paniniwalang ang Thailand ay isang “paraiso para sa mga taong trans.”

Mas hindi parepareho naman ang resulta ng tanong tungkol sa kung nararamdaman ba ng mga kalahok na ang mga taong trans at gender-diverse ay palaging nadidiskrimina. Animnaput anim na prosiyento ng mga kalahok sa Turkey ay sumagot ng paayon, sinundan ito ng 39 porsiyento sa Colombia, 35 porsiyento sa Venezuela, 32 porsiyento sa India (Kanlurang Bengal), 19 porsiyento sa Pilipinas, 15 porsiyento sa Serbia, 13 porsiyento sa Thailand at 2 porsiyento lang sa Tonga.

Table 10 | Karanasan sa Transrespect

	Pilipinas	Serbia	Thailand	Tonga	Turkey	Venezuela	Colombia	India (Kanlurang Bengal)
Lipunan (parati/madalas/minsan)	81%	19%	67%	98%	40%	74%	65%	27%
Lipunan (parati)	33%	0%	26%	76%	2%	0%	0%	1%
Paaralan (madalas)	38%	0%	28%	0%	16%	0%	0%	10%
Tinanggap sa trabaho dahil sa kakayahan (madalas/isa o dalawang beses)	63%	7%	43%	20%	8%	63%	73%	36%




Figura 6 | Karanasan ng mga sex workers sa panliligalig ng pulis

Ang paniniwala na ang mga taong trans at gender-diverse ay nadidiskrimina sa lipunan ay tumutugon sa mga karanasang nabanggit kanina tungkol sa pambully o bayolenteng pag-atake sa mga taong trans at gender-diverse. Walumput walong porsiyento ng mga kalahok sa Colombia at 84 porsiyento sa Venezuela ang nagsabing sila ay nabulas o inatake dahil sa kanilang pagkakakilanlan, sinundan ito ng 73 porsiyento sa Turkey, 40 porsiyento sa India (Kanlurang Bengal), 36 porsiyento sa Serbia, 28 porsiyento sa Pilipinas, 16 porsiyento sa Tonga at 5 porsiyento lang sa Thailand.

Ang mga halimbawa ng mga naiulat na mga uri ng karahasan ay mga sumusunod: banta na papatayin sila, sekswal na karahasan, pananakot at pangngikil, pati na rin pisikal na agresyon. Pinapakita ng analisis ng iba't ibang uri ng karahasan. Sa Turkey, 43 na kalahok ang nagsabi na sila ay nakatanggap ng banta na papatayin sila, sinundan ito ng 13 kalahok sa India (Kanlurang Bengal), walo sa Venezuela, lima sa Pilipinas, isa sa Colombia at

Serbia rin at wala naman sa Tonga. Ang ilang halimbawa ng pag-atake ay pisikal na karahasan na naiulat ng 64 na kalahok sa Turkey, sinundan ito ng 27 sa Venezuela, 22 sa India (Kanlurang Bengal), 14 sa Pilipinas, pito sa Colombia, lima sa Thailand at sa Tonga rin at dalawa naman sa Serbia. Ang mas nakakalungkot ay ang bilang ng mga naiulat na sekswal na karahasan. Sa Turkey, 56 na kalahok ang nagsabing nakaranas sila nito, sinundan ito ng 41 sa India (Kanlurang Bengal), 16 sa Pilipinas, sampu sa Venezuela, pito sa Thailand, apat sa Colombia at sa Tonga rin at isa sa naman Serbia. Ang kabanata ng bawat bansa ay magbibigay ng mga halimbawa ng mga kayamut-yamot na mga uri ng karahasan. Ang dami ng pagkakaiba-iba ng mga uri ng karahasan ay nakakabalisa. Lalo na ang mga naiulat sa Turkey, na kung saan higit sa kalahati ng mga kalahok ay nagsabi na nakaranas sila ng mga marahas na pag-atake (59%) at sekswal na karahasan (51%).

Ang resulta na ito ay maaninag din sa mga naiulat na mga nakaranas ng harassment sa kamay ng mga pulis

1 'Transfobi öldürür - Transphobia kills' - Isang demonstrasyon laban sa transphobic na pagkamuhí at karanasan ginanap sa Ankara, Turkey noong November 2010



dahil sa kanilang pagkakakilanlan. Sa pamamagitan ng malalim na pagtatasa, makikita na ang mga trans at gender-diverse na mga tao ay lubhang appektado ng panliligalig ng pulis sa kahit anumang bansa. Ang sitwasyon sa Colombia, Venezuela, at Turkey ang pinakanakakangambala. Sa Colombia, 95 porsiyento ng mga kalahok ang nagpahayag na sila ay nakaranas ng panliligalig ng pulis, at 52 porsiyento ang nagsabi na madalas nila itong maranasan; sa Venezuela, 80 porsiyento ang nagsabi na naranasan nila ito, 34 porsiyento ang nagsabi na madalas nila itong maranasan; at sa Turkey, 75 porsiyento ang nagsabing naranasan nila na maligalig ng mga pulis, 61 porsiyento ang nagsabing madalas itong mangyari.

Ang mga sex workers ay mas maraming karanasan sa harassment ng pulis. Lahat ng trans sex workers sa Colombia nagsabing narakanas silang maligalig ng pulis, at 60 porsiyento ang nagsabing ito ay parating nangyayari; 97 porsiyento sa Venezuela ang nagsabing nangyari rin ito sa kanila, 56 porsiyento sa kanila ang nagsabing ito ay parating nangyayari; 79 porsiyento ng trans sex workers sa Turkey ang nakaranas nito, at 62 porsiyento sa kanila ay nagsabing ito ay madalas mangyari. Ang kabanatang nakalaan para sa Turkey ay may mas marami at ekstensibong impormasyon tungkol sa karahasan at diskriminasyon na nararanasan ng mga trans sex workers sa Turkey; mababasa rin dito ang kuwento ng isang trans sex worker na brutal na ginulpi ng pulis.

Sa Tonga at Serbia, ang mga bansang may pinakakaunting kalahok na sex workers, walang mga sex workers ang nag-ulat ng panliligalig ng pulis. Sa Tonga, ang resulta na ito ay dapat tingnan sa konteksto ng pangkalahatang datos dahil isa lang ang nagsabi na siya ay naligalig ng pulis dahil sa kanyang pagkakakilanlan. Sa Serbia naman, ang resulta ay dapat tingnan sa konteksto na mahirap makipag-ugnayan sa mga trans sex workers doon. Binibigyang-diin ng mga pagsusuri na kailangang bigyang pansin ang langkapang akumulasyon at interseksyon ng mga karanasan sa Transphobia. Ang mga taong trans at gender-diverse na naging sex worker dahil sa diskriminasyon at karahasan sa paaralan at merkado ng manggagawa ay ang mga mas lapitin ng karagdagang karahasan na nangyayari sa konteksto ng sex work. Tatalakaying maiigi ng kabanata ng Turkey ang karanasan ng mga sex workers, bibigyang-diin din nito na dapat isaalang-alang ang interseksyon ng Transphobia at karahasan at diskriminasyon laban sa mga sex workers.

Kapag ipinaghambing ang mga nabanggit na iba't ibang uri ng Transphobia – i.e. mga karanasan sa diskriminasyon at karahasan sa paaralan, sa merkado ng manggagawa, gawa ng pulis, sa loob ng komunidad ng relihiyon at sa lipunan mismo – sa mga uri ng Transrespect – i.e. mga espesipikong pagkilala sa iba't ibang aspeto ng lipunan – makakakuha tayo ng mga mahahalagang kabatiran tungkol sa pangkalahatang sitwasyon sa bawat bansa, lalo na tungkol sa kahalagahan ng karanasan sa paaralan.

Sa Tonga, 99 porsiyento ng mga kalahok ay nagsabing sila ay naniniwala na ang mga taong trans at gender-diverse ay nakakatanggap ng espesipikong pagkilala dahil sa kanilang pagkakakilanlan, i.e. Transrespect, sa loob ng lipunan, at 76 porsiyento ang nagsabi na parati nila itong nararanasan. Ganoon din sa Pilipinas, 88 porsiyento ang nakaranas din nito; 33 porsiyento ang nagsabi na parati nila ito nararanasan. Sa Turkey naman 40 porsiyento lang ang nagsabi na sila ay nakaranas ng Transrespect, at 2 porsiyento lang ang nagsabing parati silang nakakaranas nito; at sa Sebia 19 porsiyento lang ang nagsabing nakaranas sila ng Transrespect, at walang nagsabing parati silang nakakaranas nito. Sa Venezuela at Colombia, 75 porsiyento at 65 porsiyento ang nagsabing nakaranas sila ng Transrespect, habang walang kalahok sa parehong bansa ang nagsabing parati nila itong nararanasan.

Sa paaralan, ang Transrespect ay naiulat na madalas maranasan ng 38 porsiyento ng mga kalahok sa Pilipinas, 28 porsiyento sa Thailand, 16 porsiyento sa Turkey at 10 porsiyento sa India (Kanlurang Bengal), ngunit wala sa Colombia, Serbia, Tonga at Venezuela. Ipinapahiwatig nito na kahit sa mga bansang may mataas na nibel ng Transrespect at mababang nibel ng diskriminasyon, ang paaralan ang Achilles heel kapag Transrespect ang usapan - katulad ng resulta sa Tonga na lubhang nakakabahala; ang detalye nito ay mababasa sa kabanatang nakalaan para sa bansang iyan. Ang pagiging kapansin-pansin ng karanasang iyan sa paaralan ay ipinapahiwatig din ng resulta tungkol sa paghahanapbuhay na nagpapahiwatig na ang karaniwang karanasan ay Transrespect at espesipikong pagkilala. Pitumput pitong porsiyento ng mga kalahok sa Colombia at 63 porsiyento sa Pilipinas at Venezuela ay nagsabing sila ay tinanggap sa trabaho dahil sa taglay nilang espesipikong kakayahan na may kaugnayan sa kanilang pagkakakilanlan, sinundan ito ng 43 porsiyento ng Thailand, 36 porsiyento sa India (Kanlurang Bengal), 20 porsiyento sa Tonga, 9 porsiyento sa Turkey at 7 porsiyento sa Serbia.

## I.4. Konklusyon

Gaya ng nabanggit sa simula ng kabanata na ito, ang kakulangan ng datos ay isang malaking balakid para makabuo ng mga konkretong hakbang para baguhin ang kalagayang panlipunan ng mga taong trans at gender-diverse. Sinusubukang tugunan ng kasalukuyang TVT survey ang isyu na ito sa pamamagitan ng ilang piling bansa. Gamit ang mga empirikal na datos, pinapatotohanan ng pag-aaral na ito ang karanasan ng mga aktibistang trans sa maraming isyu, katulad ng karahasan galing sa mga pulis na nakadirekta sa mga trans na sex workers. Inilalantad din ng mga resulta ang mga blind spots ng diskriminasyon at Transphobia, kasama rin ang kalagayan ng mga trans at gender-diverse na mga bata at tinedyer.

Kadalasan, ang pagsasabatas ng pagkilala sa kasarian at pagpapabuti ng implementasyon nito ay itinuturing na importanteng unang hakbang upang mapabuti ang kalagayan ng karapatang pantao ng mga taong trans at gender-diverse. Gayunman, ang komparatibong mga resulta ay nagpapahiwatig na kinakailangan ang komprehensibong diskarte na binubuo ng sari-saring mga paraan na sasaklaw sa iba't ibang aspeto ng lipunan; at dapat isaalang-alang ang mga espesipikong lokal, politikal, at sosyal na mga sitwasyon. Halimbawa, kahit na ang mga naiulat ay positibong karanasan ng respeto at pagkilala, ang paglalantad ng pagkakakilalan ay tila mahirap sa konteksto ng paaralan at habang tinedyer ang isang tao.

Ang Tonga Leiti Association (TLA) ay maraming mga na-engkwentrong mga tumigil sa pag-aaral; binibigyan sila ng TLA ng iskolarsip para makatanggap sila ng mas mabuting edukasyon at mga pagsasanay para sa paghahanap ng hanapbuhay. Sa Pilipinas, ang batas laban sa pambubulas sa elementarya at haiskul na kasama ang oryentasyong sekswal at pagkakailanlang pangkasarian ay naipasa noong 2013, at kasalukuyang binabantayan ng mga aktibista ang implementasyon nito. Ang mga diskarteng katulad ng mga nabanggit ay ipapaliwanag ng buong detalye sa kabanatang nakalaan para sa bawat bansa; sana sila ay magsilbing inspirasyon kung paano tutugunan ng mga NGO at iba pang institusyon ang nakakabahalang

sitwasyon ng mga taong trans at gender-diverse sa paaralan at merkado sa paggawa.

Sa mga bansang katulad ng Colombia, Venezuela at Turkey, ang mga sex workers ang nakakaranas ng mas maraming insidente ng diskriminasyon at karahasan mula sa awtoridad. Binibigyang diin nito ang mga isyu katulad ng hindi makatwirang karahasan ng pulis at ang kalagayan ng sistema ng panghustisyang pangkrimen sa mga bansang nabanggit.

Ang may-akda ng kabanatang nakalaan para sa Turkey ay brutal na sinalakay, pinagnakawan, at tinakot na papatayin bago siya tinarato ng hindi maganda ng mga pulis noong Hulyo 2015. Isang internasyonal na kampanya ang ginawa ng iba't ibang grupo upang ipalaganap ang nangyayari sa Turkey. Limang malalaking organisasyon (IGLYO, ILGA-Europe, ICRSE, SWAN at TGEU) ay nagsamasama upang sumalat ng liham na humihimok sa mga awtoridad sa Turkey na magsagawa ng agarang aksyon upang sugpuin ang umiigting na karahasan laban sa mga taong LGBTI at sex worker sa Turkey.

Binibigyang diin din ng report na ito na kailangan pa talaga ng mas maraming pag-aaral. Ito ay para maiwasto ang ilang pagkiling at kakulangan ng pagsasaliksik na ito. Katulad ng mga naunang naipaliwanag, wala masyadong tungkol sa mga lalakeng trans sa pag-aaral na ito. Ang mga karanasan ng mga sex workers sa Serbia ay hindi rin masyadong nasiyasat. Bukod dito, ang pokus sa ilang bansa ay sa mga partikular na rehiyon lamang at nakatuon lang sa malawakang social network na may kaugnayan sa mga organisasyon ng mga aktibista.

Simula't sapul, gusto ng TGEU na ipagpatuloy at palawakin ang pakikipagtulungan nito sa mga kaanib na organisasyon upang maisagawa ang TVT survey sa iba pang bansa. Noong 2014, nakipag-usap na ang TGEU sa Asia-Pacific Transgender Network (APTN) tungkol sa pagpapalawak ng TVT survey sa iba pang bansa sa Asya-Pasipiko. Noong 2015, nagkaroon na ng kasunduan para dito. Kaya sa 2016, ang APTN – sa pakikipagtulungan ng TGEU – ay magsasagawa ng TVT survey sa hindi bababa sa apat pang mga bansa sa Asya.



## II. Mga Karanasang Sosyal ng mga Transpin@y sa Pilipinas

C. Joy Cruz, Charlese Saballe at Brenda Alegre

### II. 1 Ang mga Transpin@y | Mga Kontekstong Pangkasaysayan, Sosyo-kultural at Legal

Sa Pilipinas, ang Society of Transsexual Women of the Philippines (STRAP) ang nagsagawa ng pag-aaral na *The Social Experience of Trans People: A Global Survey* bilang parte ng proyektong *Transrespect versus Transphobia* ng TGEU. Labing-dalawang transpinay na pawang mga kasapi ng STRAP ang nagtulong para maisakatuparan ang iba't-ibang bahagi ng pagsasaliksik na ito.

Kakaunti lamang ang mga pag-aaral sa Pilipinas tungkol sa mga trans(gender) at sa mga isyung kanilang kinakaharap, at karamihan sa mga nailathalang pananaliksik tungkol sa paksang ito ay isinagawa ng mga banyaga (di-Filipino) o ng mga mananaliksik na di-transgender. Ang pagsasagawa ng pag-aaral na ito ng mga grupong trans at Filipino—simula sa pagdi-disenyo ng survey at pagtitipon ng data, hanggang sa pagsusuri ng mga resulta—ay naging importanteng paraan upang mapalakas ang sariling boses ng mga transgender sa Pilipinas. Ang karanasang ito ay makatutulong sa mga trans na Filipinong aktibista upang maglunsad ng mas

marami pang proyektong 'peer-research' sa hinaharap, kung saan ang mga saliksik ay gawa ng mga transpin@y para sa kapwa nila transpin@y, at matitiyak na ang mga impormasyong makakalap ay magagamit sa pinakakapaki-pakinabang na paraan ng mga miyembro ng mga lokal na komunidad ng mga trans sa Pilipinas.

Dahil sa mga limitasyong heograpikal at sa malaking gastos na kaakibat ng paglalakbay sa buong arkipelago, karamihan sa mga panayam ay isinagawa sa kalakhang Maynila at sa mga karatig nitong lugar. Ang unang grupo ng mga interbyu ay isinagawa sa Quezon City, ang ikalawa sa Caloocan City, ang ikatlo sa Navotas City at ang huli sa Antipolo City. Ang mga kapanayam ay binigyan ng paunang impormasyon tungkol talatanungan, at mayroong naka-antabay na tagapangasiwa sa buong proseso ng kanilang pagsagot sa mga ito.

Bago natin talakayin ang mga impormasyong aming nakalap sa pamamagitan ng TvT Survey, nais muna naming magbigay ng paunang konteksto tungkol sa mga identidad na trans at mga kilusang trans sa Pilipinas. Ang kolonyalismong Kastila, na nagpumilit na gawing katolisismo ang pangunahing relihiyon sa Pilipinas, ay parte ng kontekstong ito.



## Mga Pagkakakilanlang Pre-kolonyal at Kolonyal

Ang Pilipinas ay isang bansa na may populasyon na binubuo ng maraming nilalang na galing sa iba't-ibang pangkat etniko. Bakas din ang impluwensya ng iba't-ibang grupong banyaga sa mayaman nitong kasaysayan. Pagkatapos ng mahigit sa 300 taon na pagiging kolonya ng Espanya, Kristiyanismo ang relihiyon na patuloy na namamayani, partikular na ang Katolisismo, kung saan mahigit sa 80 porsiyento ng populasyon ay Katoliko ang turing sa kanilang mga sarili.

Mayaman din ang Pilipinas sa iba't-ibang mga pagkakakilanlan at kinagawiang may kinalaman sa kasarian, at base sa kakaunting mga batis pangkasaysayan tungkol sa paksang ito, nagawa maipakita at maipaliwanag ang pluralismong pang-kasarian at pati na rin ang mga pagsuway sa binary na sistemang pang-kasarian (i.e. ang striktong pagkakahati nito sa dalawang kategorya ng 'lalaki' at 'babae') noong mga pre-kolonyal at kolonyal na panahon.<sup>14</sup> Dahil sa rami ng kapuluan sa Pilipinas, bawat rehiyon ay mayroong mga termino sa sarili nilang wika na kanilang ginagamit upang pangalanan ang mga taong hindi maituturing na kabilang sa tradisyunal na depinisyon ng 'lalaki' o 'babae'. Isa na rito ang salitang babaylan, na sa orihinal nitong kahulugan ay tumutukoy sa mga babaeng namumuno sa pamayanan na parang mga shaman, na nagbibigay ng gabay, mga espirituwal na manggagamot na naggiging tulay sa pagitan ng mga diyos at mga tao. Gayunpaman, ang salitang babaylan ay ginagamit din upang tukuyin ang pagpapalit o pagbabago ng kasarian ng mga lalaki na nagiging 'binabae' (feminized).<sup>15</sup> Bayoc o bayogin naman ang tawag sa mga taong di-tradisyunal ang kasarian sa hilagang Pilipinas. Ang mga labia ay itinuturing na mga lalaking sumusuway sa mga tradisyunal na pamatayang pang-kasarian sa Zamboanga, na sinasabi ring pawang mga ermitanyo.<sup>16</sup> Ang mga asog ay mga shaman mula sa Visayas na kinikilala ang kanilang mga sarili na kombinasyon ng mga pambabae at panlalaking katangian.<sup>17</sup> Ang mga mentefuwaley libun (siya-na-naging-babae) at mentefuwaley lagey (siya-na-naging-lalaki) ay mga identidad na trans sa komunidad ng mga Teduray sa Mindanao.<sup>18</sup> Ang nakamamangha sa mga halimbawang ito ay lahat sila ay ginagalang at minsan sinasamba pa sa lipunan.<sup>19</sup>

Sa kasalukuyan, isang makulay na bahagi ng populasyon ng bansa ang kinikilala ang kanilang mga sarili bilang bakla – mga taong idineklarang lalaki ang kasarian pagka-panganak ngunit hindi sumusunod sa mga heteronormatibong mga ekspektasyon patungkol sa mga papel na pang-kasarian at seksuwal. Ang salitang 'bakla'



I Mga miyembro ng STRAP na nakasuot ng tradisyunal na mga damit Filipiniana sa paglulunsad ng *transpinay: The Other Filipina Woman*

mismo ay isang hamon at palaisipan sapagkat hindi ito tumutukoy lamang sa oryentasyong seksuwal (sexual orientation), kundi pati rin sa pagkakakilanlang seksuwal (sexual identity), pagkakakilanlang pangkasarian (gender identities), at mga ekspresyon o pagpapahayag na pangkasarian (gender expressions).<sup>20</sup> Ang terminong ito ay maaaring nagsimula noong panahong post-war.<sup>21</sup>

## Ang pag-usbong ng transpin@y: Ang kilusang trans sa Pilipinas

Ang paglago ng aktibismo tungkol sa karapatang pangkasarian ay inumpisahan ng mga grupong Kakasarian noong dekada '70, at ng University of the Philippines' Babaylan at Pro-Gay Philippines noong mga sinaunang taon ng dekada '90. Ang pagyabong ng aktibismong LGBT sa Pilipinas noong mga panahong ito ay nagsimulang maglinaw sa mga pagkalito na kaakibat ng terminong bakla at ng mga identidad na ibig nitong ipakahulugan. Unti-unting naipakilala sa lipunang Pilipino ang mga isyung may kinalaman sa pagkakakilanlang pangkasarian at pagiging transgender. Itinatag noong 2002 ang Society of Transsexual Women of the Philippines (STRAP), ang unang grupo na binuo ng at para sa mga kababaihang trans sa Pilipinas, na naglalayong magbigay ng suporta sa at itaguyod ang mga karapatan ng mga transpinay.

Walang umiiral/ginagamit na terminong moderno at lokal sa Pilipinas upang ilarawan ang karanasan ng pagiging trans hanggang sa paglikha ng STRAP ng terminong transpinay noong 2008.<sup>22</sup> Ang transpinay ay halaw sa mga salitang trans, mula sa 'transgender/

transsexual', at pinay, ang kolokyal na tawag sa Filipina (isang babae mula sa Pilipinas). Para sa proyektong ito, aming ginamit ang transpin@y upang tukuyin ang isang trans at/o ibang mga tao na may di-normatibong kasarian na may lahing Pilipino. Ang transpinay ay isang Pilipinong babaeng trans, habang ang transpinoy naman ay isang Pilipinong lalaking trans. Ang transpin@y, transpinay at transpinoy ay ang mga pinaka-angkop na terminong gamitin mula sa puntong ito para tukuyin at talakayin ang iba't-ibang mga pagkakakilanlang trans sa Pilipinas.

Marami nang mga grupong trans ang kasalukuyang aktibo sa Pilipinas. Nakilala na rin ang mga transpinoy kamakailan lamang pagkatapos maitatag ang dalawang grupong trans na FTM (female-to-male), ang Pinoy FTM at TransMan Pilipinas.

Ang aksesibilidad na dala ng Internet nitong nakaraang dekada ang siyang nagbigay-daan sa mas madaling pagkalap mga transpin@ys ng impormasyon tungkol sa transisyong pangkasarian (i.e. pagpapalit o pag-iiba ng mga aspetong pang-kasarian). Bagama't hindi krimen ang transisyon sa Pilipinas, nananatiling mapanganib ang prosesong ito sapagkat sa kasalukyan ay walang mga pormal na batayang pang-kalusugan na makasisigurong ligtas at wasto ang mga pamamaraang nakasanayan nang gawin ng mga trans sa Pilipinas.

Marami na ring mga kilusang at mga plataporma ng pananaliksik na ihinihiwalay ang mga isyu ng MSM ('men who have sex with men', o mga lalaking nakikipagtalik sa kapwa lalaki) mula sa mga isyung trans. Habang isinusulat ang saliksik na ito, mayroon nang mga diskusyon na isama ang 'trans rights' o karapatang pang-transgender sa Anti-Discrimination Bill ng Pilipinas. Mayroon nang mga ordinansang kontra-diskriminasyon na naaprubahansa Angeles City, Bacolod City, Candon City, Cebu City, Dagupan City, Davao City, Quezon City at sa mga probinsya ng Agusan del Norte at Cavite. Simula 2009, maaari nang magsilbi sa sandatahan ang mga homosekswal (na lalaki), ngunit hindi saklaw ng patakarang ito ang mga kababaihang trans. Ang Anti-Bullying Law o batas kontra bullying para sa mga elementarya at sekundaryang paaralan ay naipasa noong 2013, at malinaw na ipinagbabawal sa mga regulasyon (Implementing Rules and Regulations) nito ang bullying na batay sa oryentasyong sekswal o pagkakakilanlang pangkasarian.

Kahit na hindi ilegal maging transpin@y, walang batas o 'gender-recognition law' sa Pilipinas ang kasalukuyang kumikilala rito. Hindi puwedeng magpalit ng legal na pangalan o markang pangkasarian ang isang tao kahit matapos siyang sumailalim sa mga proseso o operasyong medikal na makapagpapatunay dito. Wala pa ring mga batas na nagbibigay-basbas sa mga parehang homosekswal para magpakasal, mag-ampon ng anak, o sumailalim sa mga kasunduang may kinalaman sa pag-iingat ng mga ari-arian. Kinikilala ang kaso ni Mely Silverio<sup>23</sup> bilang ang huling kaso na kung saan itinanggi ang petisyon ng pagpapalit sa mga markang pangkasarian ng isang transpin@y.

I Mga transpinay na nangangampanya para sa pagkilala ng kanilang kasarian at pagkakapantay-pantay noong martsa ng QC Pride 2014



## II.2 Larawan ng isang transpin@y | Mga resulta ng sarbey

Ang impormasyon ay naikalap mula sa 104 na mga transpin@y, kung saan karamihan ay kinikilala ang kanilang sarili na transpinay o male-to-female transgender o transsexual (79%), habang 13% naman ay kinikilala ang kanilang sarili na transpinoy o female-to-male. Ang nalalabing mga indibidwal ay kinikilala ang kanilang sarili gamit ang ibang mga termino, kabilang na rito ang 'cross-dresser', 'third gender' o ikatlong kasarian, o 'multi-gendered' o pinaghalong mga kasarian.

### Profile ng mga kalahok

Ang average o karaniwang edad ng mga lumahok sa sarbey ay 27.5 na taong gulang, na kung saan ang pinakabata ay 17 at ang pinakamatanda ay 49 na taong gulang. Malaking porsiyento ng mga kalahok ay galing sa kalakhang Maynila o National Capital Region (81%), habang ang natitira naman ay galing sa Timog Katagalugan o CALABARZON (19%). Mahigit sa isa ng limang hati (1/5, o mahigit sa 16%) ng mga sumagot sa sarbey ay mga migrante mula sa ibang bahagi ng bansa, kagaya ng malayong siyudad ng Jolo, Sulu sa timog Pilipinas. Naitala ang mga mas magandang oportunidad para sa trabaho at pag-aaral bilang mga pangunahing dahilan ng migrasyon.

Sa 103 na sumagot ng katanungan tungkol sa kanilang relihiyon, malaking bahagi ay kinikilala ang kanilang sarili bilang Kristiyano (91%). Siyamnapung porsiyento ng 104 na mga kalahok ay nagtapos ng hindi bababa sa hayskul na antas ng edukasyon. Mahigit sa tatlo mula sa limang kalahok (55%) ay nagtrabaho sa iba-ibang sektor, mula sa ng moda/fashion, pagpapaganda o aliw/entertainment, kung saan nakakahanap ng mas malawak na tradisyunal na pagtanggap ang mga transpin@y, hanggang sa mas makabagong mga trans-friendly na industriya kagaya ng Business Process Outsourcing (BPOs), mga bangko at akademya. Ang ibang mga kalahok ay kumikita sa pamamagitan ng trabahong seksuwal. Mahigit sa tatlo mula sa pitong mga kalahok (28%) ay tumatanggap ng suportang pinansyal mula sa kanilang pamilya sa pamamagitan ng kanilang mga magulang o kapatid. Ang natitira ay nakahihingi ng tulong mula sa mga kaibigan (8%), mula sa mga serbisyong pangkapakanan ng gobyerno (4%) o mula sa iba pang mga pinagmulan (2%).

Mula sa 100 na mga kalahok na sumagot sa mga katanungan na patungkol sa kanilang sitwasyong pamumuhay, 57% sa kanila ay nakatira kasama ang

kanilang mga magulang o kapatid, 11% ay namumuhay nang mag-isa, 14% ay nakatira kasama ang mga kaibigan, 13% ay nakatira kasama ang kanilang kapareha at/o mga anak, at 2% ay nakatira kasama ang iba na may kaparehong identidad. Pagkatapos tanungin kung sila ba ay mga aktibong miyembro ng mga organisasyong nagtrabaho para sa mga trans, 69% ng mga 98 na kalahok na sumagot ay sumagot ng 'oo'.

### Pamumuhay nang naaayon sa kasarian na kanilang kagustuhan


Tinanong ang mga kalahok kung namumuhay sila nang naaayon sa kasarian na kanilang kagustuhan, at 85% ng 102 na tumugon ng 'parati'. Ang 14 na mga kalahok na may ibang kasagutan ay tinanong kung bakit ganoon ang kanilang naging tugon. Labing-isa ang nagsabi na personal nila itong desisyon na hindi parating mamuhay ayon sa kasarian na kanilang gusto. Ang iba pang mga dahilang nabanggit ay ang kawalan ng pagtanggap at ang kawalan ng kakayahan na makilala nang legal ang kasarian na kanilang kagustuhan.

### Mga koneksiyong sosyal | Pamilya, kaibigan at kapareha


Mula sa 96 na mga kalahok na tumugon sa tanong na kung paano sila pinalaki, halos pantay ang proporsyon ng mga nagsabi na pinalaki sila nang naaayon (46%) o hindi naaayon (47%) sa kasarian na kanilang kasalukuyang kinikilala.

Mula sa 89 na mga kalahok na tumugon sa tanong na kung maaari ba silang maging bukas sa kanilang identidad na pangkasarian (gender identity) sa kanilang pamilya, 88% ay sumagot ng 'oo', samantalang 10% ang nagsabi na bukas sila tungkol rito ngunit may kaakibat ito na mga kondisyon, halimbawa ang hindi pagiging bukas parati o pagiging bukas lamang sa ilang mga miyembro ng pamilya.

Mahigit sa isa mula sa apat na kalahok (23%) na nagsabing bukas sila sa kanilang gender identity sa kanilang pamilya ay nagsabing ipinapahayag na nila ang pagkakakilanlang ito simula pa sa pagsibol ng kanilang kamalayan tungkol dito. Mahigit sa tatlong-kapat ng mga kalahok ay nagsimulang ipahayag ang kanilang identidad sa kanilang pamilya sa edad na mahigit-kumulang na 11.5 taong gulang. Apat (4) na taong gulang ang pinakamaagang edad na naitala para sa pagpapahayag ng gender identity sa pamilya, samantalang 30 taong gulang naman ang pinakamatandang edad ng pagpapahayag na naitala.



**Figura 1 |** Mga karanasan ng diskriminasyon, bullying, harassment at karahasan na dulot ng mga guro at ibang estudyante



**Figura 2 |** Mga karanasan sa trabaho

Dalawang kalahok ang nagpahayag na parati silang binu-‘bully’ o ginugulo ng kanilang mga kapamilya dahil sa kanilang gender identity, habang limang kalahok naman ay na-bully ng isa o madalang na beses. Ang pang-aabusong pananalita (mga pasaring na pailalim at ‘passive-aggressive’, mga negatibong komento), panunukso, hindi pamamansin at pagpapahayag ng pagka-irita ay mga halimbawa ng bullying na dinaranas ng mga transpin@y mula sa kanilang mga pamilya ng dahil sa kanilang gender identity.


Walumpung porsiyento ng 97 na mga kalahok ay nag-ulat na nakatatanggap sila ng suporta mula sa kanilang mga pamilya tungkol sa kanilang gender identity. Ang suportang pamilya ay maaring mag-iba-iba; maari itong maipahayag sa pamamagitan ng mga pasalitang ekspresyon ng pagmamahal, ‘moral support’, pagkilala sa kanilang gender identity, pamimili ng mga damit at make-up na naayon sa kasarian na kanilang kagustuhan, suportang pinansyal, atbp. Nabanggit kamakailang-beses ng mga kalahok ang kanilang mga ina na nagpakita sa kanila ng suporta at pagmamahal. Karamihan sa mga transpin@y ay nag-ulat ng tanggap at pinapahalagahan sila ng kanilang mga magulang at kapatid sapagkat nagbibigay ang mga ito ng suportang pinansyal sa kanilang pamilya.

Tila importante rin ang papel ng mga kaibigan bilang sandigang sosyal para sa mga transpin@y. Higit sa siyam mula sa sampung kalahok (92%) ang nagsabi na parati silang bukas sa kanilang gender identity at gender expression sa lahat ng kanilang kaibigang hindi trans. Ngunit may mga kapansin-pansing pagkakaiba sa dalas ng pagpapahalaga na natatanggap ng mga kalahok mula sa kanilang mga kaibigang hindi trans: karamihan sa kanila ay nagsabi na parati silang pinapahalagahan (63%) at may

substansyal din na bahagi na nagsabi na madalas (15%) o minsan (20%) silang pinapahalagahan, habang kakaunti lamang ang nagsabi na hindi sila pinapahalagahan (2%). Mahalaga ring maitala na ang pagpapahalaga mula sa mga kaibigang hindi trans ay naipapahayag nang bahagya sa pamamagitan ng pagbibitiw nila ng mga komento na ang mga kalahok ay natural at maganda.

Iniulat din ng mga kalahok ang minsang kawalan ng paggalang sa kanila ng kanilang mga kaibigang hindi trans. Sa 96 na mga kalahok na tumugon, 4 porsiyento ang nag-ulat na parati o madalas silang hindi nirerespeto, ang karamihan (56%) ay nagsabi na minsan o madalang silang hindi nirerespeto, at 35 porsiyento ay nagsabi na hindi sila nakatitikim ng kawalan ng respeto mula sa kanilang mga kaibigan. Ilan sa mga naitalang halimbawa ng kawalang-galang ay ang hindi pagkilala sa kanilang gender identity (hindi pagtanggap, hindi paggamit ng pangalan at panghalip na kanilang gusto), pagiging katatawanan, pagtatanong nang walang pakundangan, at pambu-bully. Hindi na rin nakakagulat na dahil sa Kristiyanismo ang namamayaning relihiyon sa Pilipinas, ilang kalahok ang nakaranas ng kawalang-galang mula sa mga kaibigan nilang hindi trans na gumamit pa ng mga berso mula sa Bibliya para punahin ang pagkatao at identidad ng mga kalahok.

Isang malaking bahagi (90% ng 94 na sumagot ng katanungan) ang nagsabi na sila sadyang bukas sa kanilang gender identity at gender expression sa kanilang mga pareha o kasintahan. Walumpu’t-limang porsiyento ng 92 na tumugon ay nagsabi na mayroon silang mga pareha na pinapahalagahan ang kanilang gender identity. Ang pagpapahayag ng pagmamahal, pagtanggap, paggalang, at suportang moral/emosyonal/sikolohikal ay nabanggit bilang mga halimbawa ng kung paano ipinapahayag ng



**Pigura 3 |** Mga ‘masasama’ at ‘sobrang sama’ na karanasan ng mga kalahok sa serbisyong pangkalusugan at sa mga propesyonal sa serbisyong pangkalusugan

kanilang mga pareha ang kanilang pagpapahalaga sa kanilang identidad. Ang ilang sa mga kasagutan ay nabanggit sa konteksto ng isang ‘live-in’ na sitwasyon. May ilan ding mga kalahok na nag-ulat ng kawalang-galang na pag-aasal mula sa kanilang mga pareha/kasintahan (20%), kabilang na ang pagtatanong ng mga sobrang personal at hindi naaangkop na katanungan, mga matinding pagtatalo, hindi pagkakaintindhan at paggamit ng mga di-wastong panghalip.

### Edukasyon | Mga karanasan sa paaralan

Mahigit sa tatlo mula sa sampung mga kalahok (13% madalas at 16% isa o madalang na beses) ay nag-ulat ng mga problema sa pagpapalit ng paaralan o mga klase nang dahil sa kanilang gender identity. Kabilang sa mga isyung ito ay ang di-pagtanggap sa kanilang gender identity at ang pagpigil sa kanilang pagpapahayag ng kanilang gender identity nang dahil sa mga konsebartibong Kristiyanong patakaran ng mga eskuwelahan, kagaya ng pagsasakatuparan ng mga polisiya tungkol sa mga uniporme, kung saan kada estudyante ay dapat magsuot ng uniporme na naaayon sa kasariang itinalaga sa kanila ng lipunan.

Kabilang ang diskriminasyon, bullying, harassment o panliligalig, at mga akto ng karahasan mula sa mga guro at kaklase sa mga problema sa kontekstong edukasyonal na iniulat ng mga kalahok. Ipinapakita sa Figura 1 na isang kapat ng mga kalahok ay nag-ulat na nakaranas ng mga sitwasyon sa paaralan na kung saan ang kanilang mga tagumpay na natamo ay hindi pinahalagahan nang kagaya

nang sa ibang estudyante nang dahil sa kanilang gender identity. Ilan sa mga kalahok ay nagsabi na sila ay nakaranas ng kawalang-galang (23%) at pisikal na pang-abuso (12%) mula sa kanilang mga guro. Isang substansyal na bahagi ng mga kalahok (69%) ay nag-ulat ng mga karanasan ng bullying, pang-iinsulto at eksklusyon mula sa kanilang mga kaklase. Higit sa isa sa limang kalahok (21%) ay nag-ulat na pisikal na inatake ng ibang estudyante. Isang-katlo ng mga kalahok ang nagsabi na nakaranas sila ng harassment, atake o pang-aabusong seksuwal habang nasa paaralan (34%).

Dahil sa kanilang gender identity, isinaliwalat ng mga kalahok na inasahan sila na magtrabaho nang mas maigi para mapatunayan na karapat-dapat silang tanggapin ng kanilang mga kasama sa paaralan at ng kalakhang lipunan. Ang kawalang-galang na naranasan ng mga kalahok mula sa kanilang mga kaibigang hindi trans ay pinalala ng kawalang-galang (iniulat ng 24 sa 100 na kalahok) at karahasang pisikal (iniulat ng 12 sa 93 na kalahok) mula sa kanilang mga guro, at ito rin ay nangyari sa pamamagitan ng iba-ibang paraan, kabilang na ang hindi pagtanggap sa gender identity ng kalahok at pagtatanong nang walang pakundangan. Kanila ring inilahad na sila ay inalipusta, tinukso at kinastigo ng kanilang mga guro, kabilang na rito ang karansan ng isang kalahok kung saan pinatayo siya ng guro sa gitna ng klase para sa buong durasyon nito. Ilan din ang tinawag na makasalanan ng kanilang mga guro. Sa 101 na mga kalahok na tumugon sa tanong tungkol sa bullying sa paaralan, 71% ang nakaranas na ma-bully. Ang gender identity ng mga kalahok ang siyang pinuntirya ng mga bully sa paaralan. Ilang mga kalahok ang nag-ulat ng pagdanas ng pang-aabusong pisikal kagaya ng paninipa, at ang iba sa kanila na mas may kalakasan ay napapa-away nang dahil sa kanilang gender identity. Sa 98 na mga kalahok na tumugon, higit sa isang-katlo (36%) ang nakaranas ng sexual harassment sa paaralan. Ilan sa mga paglapit at pag-aalok na seksuwal na dinanas ng ilang mga transpinay na kalahok ay ang pagpapakita ng kanilang mga kaklaseng lalaki ng kanilang mga ari, ang paghawak sa kanila nang walang pakundangan, at ang pamumuwersa sa kanila na hawakan ang ari ng kanilang mga kaklaseng lalaki. Isang kalahok ang nag-ulat na ginahasa sa isang banyo sa eskwelahan ng kanyang kaklaseng lalaki.

Isang magandang balita na maituturing ay karamihan sa mga kalahok ay nagkaroon din ng mga positibong karanasan sa paaralan. Higit sa tatlo sa limang kalahok ay nag-ulat na nagtamo ng respeto sa paaralan (63%), mula sa

kanilang mga guro (64%) at mula sa kanilang mga kaklase (63%). Ang mga positibong karanasan na ito ay nangyari sa pamamagitan ng pag-aalok na sumali sa iba-ibang aktibidad sa eskuwelahan, ang paggamit sa kanilang mga kasanayan at pagiging malikhain, pagpuri sa kanilang itsura, atbp.

**Trabaho | Ang pagkita nang sapat, at pagpapakita na ikaw ay sapat**

Tinanong ang mga kalahok tungkol sa kanilang mga negatibong karanasan sa trabaho. Ipinapakita sa Figura 2 na mahigit sa dalawa sa kada limang kalahok (39% ng 100 na tumugon) ang nag-ulat na pinagkaitan ng trabaho nang dahil sa kanilang gender identity, habang sampung porsiyento ng 91 na sumagot ay tinanggal sa trabaho nang hindi bababa sa isang beses nang dahil sa kanilang gender identity. Sinabi ng mga kalahok na ito na ang kanilang mga potential na employer o amo ay hindi kinikilala ang kanilang gender identity, at pupuwede lang silang mabigyan ng trabaho kung susunod sila sa mga normatibong patakarang pangkasarian. Iniulat ng ibang transpinay na ang mga pawang ipinanganak na babae lamang ang puwedeng makapasok sa mga ibang bakanteng posisyon. Labing-apat na kalahok ang matagumpay na hinamon ang desisyon na pagkaitan sila ng trabaho nang dahil sa kanilang gender identity, samantalang 45 naman ang tumahimik na lamang at tanggapin ang desisyon.

Tinanong din ang mga kalahok tungkol sa kanilang mga magagandang karanasan sa paghahanap ng trabaho at sa pagtrabaho mismo. Animnapu't-dalawang porsiyento ng 95 na sumagot ay nagsabi na nakahanap sila ng trabaho dahil sa kanilang mga particular na abilidad ay kaalaman, at ang mga ito ay may kinalaman sa kanilang gender identity (sumangguni sa Figura 2). Ang mga kumpanya sa sector na karaniwang itinuturing na 'trans-friendly' o bukas sa mga trans kagaya ng fashion/moda at pagpapaganda ay kumokontrata ng mga trans dahil madalas silang may mga taglay na kaalaman na kunektado sa kanilang gender identity, kagaya ng pagme-makeup at pagdi-disenyo. Samantala, ang mga kumpanya na may mga patakaran para suportahan ang dibersidad o pagkakaiba ng bawat isa (kadalasan mga korporasyong multinasyunal sa sektor ng BPO) ay tinangggap ang mga kalahok nang dahil sa kanilang galing sa pakikipagtalastasan. Nang tanungin tungkol sa suportang kanilang tinatamasa sa trabaho, mahigit sa dalawa sa limang kalahok (41% ng 99 na sumagot) ang nagbanggit na nakatatanggap sila ng suporta, kabilang na ang pagkilala sa kanilang kasarian at pagkakaroon ng pagkakataong malikahok sa mga training




Figura 4 | Rating/marka ng kalidad ng pamumuhay

at pati na rin sa mga programa tungkol sa promosyon ng dibersidad sa kanilang kumpanya. >Figura 2

Halos 57 porsiyento ng 86 na tumugon sa katanungan na kung saan sila nagtrabaho ay nagtrabaho sa isang sektor na kung saan napatunayan na ng mga trans ang kanilang mga tradisyunal na kakayahan. Sa Pilipinas, kabilang sa mga sektor na ito ang entertainment o aliw, pagpapaganda, fashion o moda, pangangalakal, BPO (business process outsourcing) at trabahong seksuwal. Tatlungpu't-walo ang may karanasan sa trabahong seksuwal; 35 rito ay mga transpinay at dalawa ay transpinoy. Tinanong ang mga may karanasan sa trabahong seksuwal kung bakit nila pinasok ang ganitong hanapbuhay: kawalan ng oportunidad ang idinahilan ng 26 na kalahok, may ilan na nakaramdam na mas tanggap sila sa ganitong

**I Sa isang komemorasyon ng TDOR na inorganisa ng Society of Transsexual Women of the Philippines**



klase ng trabaho (12 kalahok) habang ang iba naman ay mas gusto ang ganitong klase ng trabaho kaysa sa ibang alternatibo (5 kalahok). Ang kakulangan sa edukasyon at ang obligasyon na tulungan ang pamilya sa paraang pinansyal ay iba pa sa mga dahilang nabanggit.

Apatnapu't-isang porsiyento ng 93 na tumugon ay nagsabi na nakakaapekto ang gender identity nila sa kung paano sila tinatrato sa trabaho o sa paghahanap ng trabaho. Kadalasan, walang sapat na kaalaman ang mga HR (human resources) manager sa kung paano rumespeto ng mga trans, kung kaya may malaking pangangailangan na bigyan sila ng edukasyon tungkol sa mga isyung trans.

Isa lamang sa bawat sampu na may mga hanapbuhay ang nagtatrabaho sa isang lugar na may pasilidad para sa mga taong trans.

Sa 81 na binigyan ng marka ang kanilang pangkalahatang karanasan sa trabaho, halos isa sa tatlo (28%) ang nagsabi na ito ay 'medyo masama' hanggang 'napakasama', 20 porsiyento ang neutral o sakto lang at ang karamihan (52%) ay nagsabing ito ay 'medyo maganda' hanggang sa 'napakaganda'.

### Kagalingan (Well-being) | Mga karanasang sa serbisyong pangkalusugan

Higit sa isang-katlo ng 99 na tumugon ang nagsabi na nakakaapekto ang kanilang gender identity sa kung paano sila tinatrato habang gumagamit ng mga pampublikong serbisyong pangkalusugan. Sa 28 na transpin@y na sumubok nito, halos kalahati (46%) ang nagsabi na sila ay tinanggihan ng akses sa pampublikong serbisyong pangkalusugan dahil sa maraming kadahilanan, kabilang na ang paniniwala ng mga doctor na magkakasakit ang mga trans dahil sa pag-o-overdose (o pag-inom ng sobra) nila ng hormonang pagkahiya pagakatapos makakita ng katawan ng isang trans, at kawalan ng kaalaman sa kung paano ipo-proseso ang mga kaso na kung saan ang pasyente ay trans.

Ang mga kalahok na gumamit ng mga serbisyong pangkalusugan ay tinanong tungkol sa kanilang mga karanasan sa pagkuha ng kalingang medikal na konektado sa kanilang pagiging trans. Ipinapakita sa Pigura 3 ang proporsiyon ng mga kalahok na minarkahan bilang 'medyo masama' hanggang sa 'sobrang sama' ang kanilang mga karanasan sa serbisyong pangkalusugan. Isa lamang sa pitong mga kalahok na sumailalim sa 'gender-reassignment therapy' (o mga hakbang na medikal para sa pagpapalit ng kasarian) ang nagsabi na nagkaroon siya ng masamang karanasan, samantalang dalawa sa 28 na mga kalahok ang

nagsabi na masama ang kanilang naging karanasan noong bumisita sila ng doktor o ospital para kumonsulta tungkol sa mga modispikasyong pangangatawan na hindi ginamitan ng gabay-mediko-propesyunal. >Pigura 3

Sa usapin ng 'health-seeking behaviour' o pro-aktibong pag-aasal para mapabuti ang kalusugan, isang malaking bahagi ng mga kalahok (66% ng 99 na tumugon) ay nag-ulat na hindi kumonsulta kailanman sa isang doktor o propesyunal sa kalusugan tungkol sa transisyon o mga serbisyong pangkalusugan na akma sa mga trans. Ang nakaka-alarma rito, 28 porsiyento ng mga kalahok na ito na hindi komonsulta ay hindi napagtatanto kung bakit ito kailangan. Ang iba ay idinahilan ang kahirapan at kawalan ng pondo (31%) kung bakit hindi sila kumokonsulta, samantalang ang iba naman ay nagsabing hindi nila alam kung ano ang gagawin para makakuha ng mga serbisyong ito (29%).

### Pakikipag-engkwentro sa batas | Mga sistemang legal at katarungang pangkrimen

Anim na kalahok ang nagsabi na sinubukan nilang papalitan ang kanilang markang pangkasarian (gender marker) sa kanilang mga dokumentong pampubliko, samantalang lima naman ang nagtangkang papalitan ang kanilang legal na pangalan sa mga dokumentong ito. Lahat sila ay nagsabi na sadyang napahirap ang napakamahal ng proses, at lahat sila ay hindi nagtagumpay gawin ito.

Limang kalahok ang madalas nakaranas ng harassment sa kamay ng kapulisan nang dahil sa kanilang gender identity, samantalang 13 ang nakaranas nito ng isa o dalawang beses. Ginagamit ng mga awtoridad ang mga batas kontra bagansiya (anti-vagrancy laws) para i-harass o abusuhin ang mga kalahok. Ang extortion o panginigil as isang paraan ng harassment na kanilang nabanggit. Iniulat ng mga kalahok na minsan silang nakakasuhan nang walang dahilan, at iurong lamang ng pulis ang kaso kapalit nga mga pabor na seksuwal. Sa mga nakaranas ng harassment mula sa kapulisan, 45 porsiyento ay kumikita sa pamamagitan ng trabahong seksuwal.

Tatlong kalahok ang nagsabing madalas silang nakukulong dati, samantalang lima ang nagsabing sila ay nakulong ng isa o dalawang beses. Isang kalahok ang nagkuwento ng pananakit sa kanya ng isang inmate o kasama sa kulungan. Ang isa naman ay seksuwal na inatake ng isang kawani ng bilangguan, samantalang dalawa ay seksuwal na inatake ng ibang mga inmate. Limang kalahok ang nag-kwentong nagkaroon ng mas positibong karanasan sapagkat sila ay iginalang ng mga kapwa nila inmate.

## Relihiyon, lipunan at kultura

Habang 5 porsiyento ng mga kalahok ang nagsabi na hindi sila kabilang sa isang relihiyon o komunidad na espirituwal, 18 porsiyento ng mga tumugon sa katanungan na kung bukas ba sila sa kanilang identidad sa ibang miyembro ng kanilang relihiyon o komunidad espirituwal ang nagsabi ng 'hindi' sapagkat takot silang maging biktima ng mga biyolenteng reaksyon o negatibong komento ng iba. Humigit lima sa kada siyam na kalahok (54% ng 82 na sumagot) ay naniniwala na hindi minamahal at tinatanggap ang kanilang gender identity sa kanilang komunidad espirituwal, at kadalasan pa ay itinuturing itong kasalanan ng kanilang komunidad.

Siyam na kalahok ang hindi pinayagang makilahok sa mga gawaing panrelihiyon nang dahil sa kanilang gender identity, samantalang lima ay pinayagan sa kondisyon na kanilang ikukubli ang kanilang gender identity. Isang kalahok na transpinoy ang sinabihan na maaari lamang siyang magpatuloy na magturo sa 'Sunday school' (mga sesiyon ng bible study) kung ititigil nya ang pagpapahayag ng kanyang gender identity (i.e, itigil ang pagdadamit-lalaki). Higit sa 40 porsiyento ng mga kalahok na tumugon ang naniniwala na nakakaapekto ang kanilang gender identity sa kung paano sila tinatanggap o tinatrato sa simbahan. Sa 61 na binigyan ng marka ang kanilang mga karanasan sa kanilang komunidad espirituwal, 21 porsiyento ang nagsabi na ito ay 'medyo masam' hanggang sa 'napakasama'.

Habang apat sa kada limang kalahok (81% ng 98 na sumagot) ang naniniwala na espesyal sila at pinapahalagahan sa lipunan nang dahil sa kanilang gender identity, halos kapareho nito ang proporsiyon (80% ng 97 na sumagot) ang naniniwala na ang mga trans at nakararanas ng diskriminasyon nang dahil sa kanilang gender identity. Dalawampu't-walong (28) mga kalahok ang nagsabi na sila ay na-bully, inatake o inabuso sa kanilang mga komunidad nang dahil sa kanilang gender identity. Ang mga pinakamadalas na porma ng bullying, atake o abuso ay mga insult o banta ng karahasan (31%), karahasang seksuwal (18%) at agresyon o pananakit na pisikal (16%). Labintatlong mga kalahok na mga pawing nakararanas ng bullying ay nagsabing inireklamo nila ito sa mga opisyal ng barangay, sa mga pulis, sa kanilang pamilya at mga kaibigan.<sup>24</sup>

Sa kaso naman ng pag-iisip na magpatiwakal, isang kalahok ang madalas na iniisip na kitlin ang kanyang buhay nang dahil sa kanyang gender identity, habang pito ang nagsabing naisip na nila ang pagpapakamatay ng isa o kakaunting beses nang dahil sa mismong kadahilanan.

Sa huli, humigit sa isang-kalima ng mga kalahok (19% ng 100 na sumagot) ang naniniwala na ang kanilang mga

lokal na komunidad ay hindi pinapahalagahan ang mga trans. Isang malaking bahagi (63% ng 97 na sumagot) ay kumbinsido na ang mga trans at nakararanas ng diskriminasyon sa lokal na komunidad, samantalang mas kakaunti (14% ng 91 na sumagot) ang nag-ulat ng pagdanas ng pisikal na dahas sa lokal na komunidad.

Ang pag-aaral tungkol sa mga lokal na komunidad ng mga kalahok ay nag-pokus sa kalidad ng pamumuhay. Ang layunin nito ay para mai-angat ang kamalayan ng mga kalahok tungkol sa kanilang pangkalahatang kalidad ng pamumuhay at bigyan sila ng espasyo para ipahayag ang mga pagbabagong sa tingin nila ay kinakailangan. Walumpung kalahok ang tumugon sa katanungan, at karamihan sa kanila (76%) ay positibo ang markang ibinigay sa kalidad ng kanilang pamumuhay, samantalang 23 porsiyento naman ay binigyan ito ng neutral na marka. Ipinapakita sa Figura 4 na mahigit sa apatnapung porsiyento ang nagsasabing maganda ang kalidad ng kanilang pamumuhay, habang higit sa tatlung porsiyento ang nagsabing ito ay napakaganda. >Figura 4

Ang mga kalahok ay tinanong tungkol sa mga pagbabagong posibleng makapagpapabuti sa pangkalahatang kalidad ng kanilang buhay sa kasalukuyan. Ang ilang sa mga kasagutang kanilang ibinigay ay ang mga sumusunod:

'[Ang pamilya ay] dapat mas maging bukas sa ideya na ang kasarian ay hindi dapat ibinabase sa ari'.

Ang mga employer o amo ay dapat magkaroon ng mga patakaran/patnubay para sa kanilang mga (potensyal na) mga trans na empleyado'.

'Dapat gumawa ng mga batas upon protektahan at itaguyod ang mga karapatang pang-trans'.

'Ang mga eskuwelahan ay dapat magpakita ng sensitibidad at paggalang'.

'Mas maging madali dapat ang paggamit ng mga serbisyong medikal para sa mga trans'.

'Ang pagmamahal sa kapwa ay dapat gawin ng walang paghusga'.

'Bawasan/tanggalin ang mga bagay/gawi na nagdudulot ng diskriminasyon sa ibang tao. At dapat itaguyod ang mga kaugalian na hinihimok tayong magin bukas tumaggap at tumulong sa iba'.

'Dapat imulat [ang lipunan] sa dibersidad o pagkakaiba-iba ng bawat nilalang at ang pagtanggap nito, kahit na minsan ang mga pagkakaibang ito ay maaaring maging kontra sa mga paniniwala ng iba'.



## II.3 Pagsulong | Pagpapalakas ng mga boses at puwersa ng mga transpin@ys

Ang mga resulta ng pananaliksik na ito ay nagbibigay-linaw sa mga sumusunod na interesanteng mga tema.

Bagama't isang malaking bahagi ng mga kalahok ay nagsabi na parati silang namumuhay sa kasarian na kanilang kagustuhan at maaga (simula sa maagang edad) silang nagsimulang magpahayag ng kanilang gender identity, walang paraan para kilalanin nang legal ang kasarian na kanilang kagustuhan. Ang pambu-bully at hindi magalang na pakikitungo sa mga transpin@y ay maaaring maranasan sa tahanan, sa paaralan at sa komunidad.

Ilan sa mga kalahok ay nag-ulat na napagkaitan o nawalan ng trabaho dahil sa kanilang pagiging trans. Kakaunti lamang sa mga kalahok na may trabaho ang nagsabi na ang opisina nila ay may mga pasilidad na iginagalang ang kanilang gender identity.

Karamihan sa mga kalahok ay hindi kumonsulta ni isang beses sa doctor tungkol sa transisyon o mga temang pangkalusugan na may kinalaman sa pagiging trans. Ang mga pangunahing dahilan na kanilang ibinigay ay mga isyung pinansyal, kakulangan ng impormasyon kung paano makukuha ang mga serbisyong ito, at ang kawalan ng nesesidad para sa mga serbisyong ito.

Lahat ng mga kalahok na nagtangkang palitan ang kanilang pangalan at markang pangkasarian sa kanilang mga legal na dokumento ay nagsabi na sadyang napakahirap at napakamahal ng proseso.

Ang ibang mga kalahok ay nakaranas ng harassment sa kamay ng kapulisan nang dahil sa kanilang gender identity. Tatlo sa walo na nakulong o na-detain ay nakaranas ng karahasang seksuwal sa loob ng kulungan.

Para mapalakas ang hanay ng mga transpin@ys at mapabuti ang kanilang mga karanasang sosyo-kultura, aming nire-rekomenda ang mga sumusunod na hakbang:

Na ang Kongreso ng Pilipinas ay magpasa ng batas na kikilala sa kasarian na mga transpinay at transpinoy na

naaayon sa kasarian na kanilang kagustuhan, na hindi nangangailangan ng mga interbensiyong medical kagaya ng akreditasyong sikolohikal, paggamit ng hormonas, at mga operasyon. Nangangahulugan din ito na kailangan ma-amyendahan ang Republic Act 9048, na tumutukoy sa posibilidad ng pagpapalit ng pangalan sa rehistro sibil, upang gawin ding possible ang pagpapapalit ng rehistradong kasarian ng isang nilalang.

Na ang Kongreso ng Pilipinas ay magpasa ng batas kontra diskriminasyon na magpaparusa sa mga kagawian, pag-aasalat mga patakarang nagdudulot ng diskriminasyon na base sa oryentasyong seksuwal o gender identity ng isang nilalang. Kabilang na rito ang pagbuo ng mga patakaran sa trabaho na magbibigay-proteksiyon sa mga trans at iba pang tao na di-normatibo ang kasarian.

Na ang gobyerno ay bumuo ng mga patakarang pangkalusugan na 'trans-specific' o espesyal para sa mga trans para itaguyod ang kalusugan at pangkalahatang kagalingan ng mga transpin@y. Kabilang na rito ang paglikha ng magkaibang mga programa tungkol sa HIV at AIDS para sa mga MSM at mga trans.

Na ang mga ahensiya ng gobyerno (kabilang na ang kapulisan) ay matutong magsakatuparan at magpatupad ng mga polisiya na kumikilala sa sexual orientation at gender identity at expression (SOGIE), at kanilang maisama ang mga konseptong SOGIE sa kanilang mga gender-sensitivity training.

Siguruhin na ang mga kongkretong hakbang o Implementing Rules and Regulations ng Anti-Bullying Law ay maayos na maiisakatuparan, at ang mga programa para pigilan o mamagitan sa mga akto ng pambu-bully ay may kaakibat na mga komprehensibong patakaran at pamamaraan na saklaw ang SOGIE (sexual orientation at gender identity at expression).

Mas marami pang dapat gawin na mga pananaliksik tungkol sa mga trans at sa mga isyung kanilang kinakaharap, at kasali din dapat ang mga transpin@ys sa paglikha ng mga proyektong ito para masigurado na ang mga impormasyong makakalap ay naaangkop sa mga local na komunidad ng mga trans at puwedeng magamit sa adbokasiya at sa pakikibaka tungo sa mga pagbabago ng patakaran at ng mga batas na magiging kapaki-pakinabang sa komunidad.

## III. Apendiks

### III.a Transrespect versus Transphobia sa Buong Mundo | Pagtutulongan ng iba't ibang kontinente

Ang mga organisasyong kasama sa pagpripresenta ng TvT Survey on the Social Experiences of Trans and Gender-diverse People ay kabilang sa isang malawak na network ng mga aktibista, mananaliksik, at mga organisasyon na naglilingkod sa iba't ibang kilusang panlipunan ng mga taong gender-diverse/trans. Mula 2010 hanggang 2015, ang bumubuo ng TGEU TvT ay nakipagtulungan sa 23 na kaanib na organisasyon at sa maraming mga aktibistang trans at mananaliksik mula sa higit sa 100 na bansa sa lahat na anim na rehiyon sa mundo; at ito ay binigyang payo at gabay ng isang internasyonal na Advisory Board na kinabibilangan ng higit sa 25 LGBT, trans, at mga eksperto sa karapatang pantao at mananaliksik.

#### I Mga Kaanib na Organisasyon ng TvT Project

A Gender Agenda (Australia)  
APTN (Asia-Pacific)  
ASTRA Rio (Brazil)  
Centro de Apoyo a las Identidades Trans A.C. (Mexico)  
Diverlex (Venezuela)  
GATE (Argentina/USA)  
Gender DynamiX (South Africa)  
Grupo Gay da Bahia (Brazil)  
Labryz Kyrgyzstan (Kyrgyzstan)  
LGBT Centre (Mongolia)  
LGBT Gayten (Serbia)  
Observatorio Ciudadano Trans (Colombia)  
Pembe Hayat (Turkey)  
PLUS (India)  
STRAP (Pilipinas)  
Red Umbrella (Turkey)  
Thai Transgender Alliance (Thailand)  
Tonga Leiti Association (Tonga)  
Trans China (China)  
Transgender Law Center (USA)  
TransInterQueer (Germany)  
Trans X (Austria)  
United and Strong (St. Lucia)

#### I Ang TvT Advisory Board mula 2010 hanggang 2015 ay binubuo ng mga sumusunod na miyembro:

Mauro Cabral (Argentina), Peter Hyundal (Australia), Dr Nicolas Beger (Belgium), Majorie Marchi, Dr Luiz Mott and Dr Joseli Maria Silva (Brazil), Dr Sam Winter and Jiangang Zhao (China), Dr Thamar Klein (Germany), Agniva Lahiri and Shabeena Francis Saveri (India), Silvan Agius (Malta), Sass Rogando Sasot (the Netherlands), Jack Byrne and Thomas Hamilton (New Zealand), Belissa Andía Pérez (Peru), Roger Tootooli Stanley (Samoa), Víctor Mukasa, Jabu Pereira and Liesl Theron (South Africa), Huya Boonyapisomparn (Thailand), Joleen Matae (Tonga), Kim Mukasa (Uganda), Masen Davis, Justus Einfeld, Anna Kirey and Dr Susan Stryker (USA) and Dr Tamara Adrián (Venezuela).

#### I Nakipagtulungan din sa mga aktibista, mananaliksik, at mga eksperto sa legal na usapin mula sa mga sumusunod na bansa:

Albania, American Samoa, Antigua, Argentina, Armenia, Australia, Austria, Azerbaijan, Bahamas, Barbados, Belgium, Belize, Bosnia and Herzegovina, Botswana, Brazil, Bulgaria, the Caribbean Netherlands, Chile, Cook Islands, Croatia, Cuba, Cyprus, Denmark, Dominica, East Timor, Estonia, Fiji, Finland, France, Greece, Guam, Haiti, Hungary, Iceland, India, Indonesia, Ireland, Israel, Italy, Jamaica, Japan, Kiribati, Kosovo, Kyrgyzstan, Latvia, Lithuania, Macedonia, Malaysia, Malta, Mexico, Moldova, Mongolia, Montenegro, Namibia, Nauru, Netherlands, New Caledonia, New Zealand, Niue, Norway, Papua New Guinea, Peru, Pilipinas, Poland, Portugal, Puerto Rico, Romania, Russia, St. Lucia, St. Kitts, St. Vincent, Samoa, Singapore, Sint Maarten, Slovakia, Slovenia, Solomon Islands, South Africa, South Korea, Spain, Suriname, Sweden, Switzerland, Tahiti, Tajikistan, Thailand, Tokelau, Trinidad and Tobago, Uganda, UK, Ukraine, USA, US Virgin Islands, Uzbekistan, Vietnam, Venezuela at Zambia.

### III. b Ang TvT Publication Series

Noong 2010, sinimulan ng Transgender Europe ang TvT Publication Series sa pamamagitan ng pagsalin ng mga ilang importanteng dokumento na may kinalaman sa karapatang pantao at ng paglathala ng mga report ng TvT research sa iba't ibang wika. Ang kabanata ng bawat bansa sa kasalukuyang report ay ilalathala sa iba't ibang lokal na wika sa mga susunod na edisyon ng TvT Publication Series. Ang lahat ng publikasyon ng TvT Project ay maaaring ma-download bilang PDF sa [www.transrespect.org](http://www.transrespect.org).

#### Volume 11 | Transrespect versus Transphobia – The Social Experiences of Trans People in the Philippines (with Filipino Translation)

Charlese Saballe and Carsten Balzer / Carla LaGata (editors), STRAP / TGEU, September 2015

#### Volume 10 | Transrespect versus Transphobia – The Experiences of Leitis in the Kingdom of Tonga

Joleen Mataele and Carsten Balzer / Carla LaGata (editors), TLA / TGEU, September 2015

#### Volume 9 | Transrespect versus Transphobia – The Experiences of Trans and Gender-diverse People in Colombia, India, the Philippines, Serbia, Thailand, Tonga, Turkey and Venezuela

Carsten Balzer / Carla LaGata and Jan Simon Hutta (editors), TGEU, September 2015

#### Volume 8 | Küresel ‘Transfobibye Karşı Trans-Saygı’ – Projes Toplumsal Cinsiyet Farklılığına Sahip Bireylerin /Trans Bireylerin İnsan Hakları Durumunun Karşılaştırmalı İncele

Carsten Balzer ve Jan Simon Hutta (Tamara Adrian, Peter Hyndal ve Susan Stryker'in katkılarıyla...), TGEU, Kasım 2012 (1<sup>st</sup> TvT report Turkish version)

#### Volume 7 | Transrespeto versus Transfobia en el Mundo – Un Estudio Comparativo de la Situación de los Derechos Humanos de las personas Trans

Carsten Balzer y Jan Simon Hutta (con Tamara Adrián, Peter Hyndal y Susan Stryker), TGEU, Noviembre 2012 (1<sup>st</sup> TvT report Spanish version)

#### Volume 6 | Transrespect versus Transphobia Worldwide – A Comparative Review of the Human-rights Situation of Gender-variant/Trans People

Carsten Balzer and Jan Simon Hutta (with Tamara Adrián, Peter Hyndal and Susan Stryker), TGEU, November 2012 (English version)

#### Volume 5 | Direitos Humanos e Identidade de Gênero – Relatório Temático

de Thomas Hammarberg, Comissário de Direitos Humanos do Conselho da Europa (Série de Publicações do TvT – Volume 5)

Issue Paper ‘Human Rights and Gender Identity’, Thomas Hammarberg, Council of Europe Commissioner for Human Rights. (Portuguese translation – English original version)

#### Volume 4 | I Diritti Umani e l’Identità di Genere – Issue Paper

di Thomas Hammarberg, Commissario del Consiglio d’Europa per i Diritti Umani (Pubblicazione per la serie TvT – Volume 4)

Issue Paper ‘Human Rights and Gender Identity’, Thomas Hammarberg, Council of Europe Commissioner for Human Rights. (Italian translation – English original version)

#### Volume 3 | Tożsamość płciowa a prawa człowieka – Dokument tematyczny

autorstwa Thomasa Hammarberga, Komisarza Praw Człowieka Rady Europy (Publikacje projektu TvT – tom 3)

Issue Paper ‘Human Rights and Gender Identity’, Thomas Hammarberg, Council of Europe Commissioner for Human Rights. (Polish translation – English original version)

#### Volume 2 | Menschenrechte und Geschlechtsidentität – Themenpapier

von Thomas Hammarberg, Kommissar für Menschenrechte des Europarats (TvT Veröffentlichungsreihe – Band 2)

Issue Paper ‘Human Rights and Gender Identity’, Thomas Hammarberg, Council of Europe Commissioner for Human Rights. (German translation – English original version)

#### Volume 1 | Derechos humanos e identidad de género – Informe temático

de Thomas Hammarberg, Comisario de Derechos Humanos del Consejo de Europa (Serie de publicaciones de TvT – volumen 1)

Issue Paper ‘Human Rights and Gender Identity’, Thomas Hammarberg, Council of Europe Commissioner for Human Rights. (Spanish translation – English original version)

### III. c Mga May Akda

#### Dr Brenda Rodriguez Alegre

... nagtapos ng bachelor's, master's at doctoral (magna cum laude) sa Psychology sa University of Santo Tomas. Siya ay miyembro ng Board of Directors ng STRAP. Siya ang punong nangangasiwa ng English-speaking members ng Transgender Resource Center sa Hong Kong. Si Dr Alegre ay isang Resident Tutor sa Lap Chee College at isang Assistant Lecturer ng Sexuality and Gender sa University of Hong Kong, na kung saan isa siya sa mangilan-ngilang mga lantad na akademikong trans\* sa Hong Kong. Si Brenda ay interesado rin sa musika, pagkanta, at siya ay gumaganap bilang soprano.

#### Carsten Balzer/Carla LaGata

... mula noong kalagitnaan ng 1980 ay matagal nang aktibo sa iba't ibang kilusang panlipunan. Ang kanyang PhD thesis ay tungkol sa mga komunidad ng mga trans sa Brazil, Germany at Estados Unidos. Siya ay ang patnugot na nagtatag ng *Liminalis – Journal for Sex/Gender Emancipation and Resistance* at miyembro rin sa ng Editorial Board ng *Transgender Studies Quarterly (TSQ)*. Mula 2011 hanggang 2012, siya ay naging miyembro ng Advisory Committee ng Open Society Foundations' LGBTI Rights Initiative. Sinuportahan ni Carla ang TGEU mula sa simula nito at nagsilbi siya bilang miyembro ng TGEU Steering Committee mula 2008 hanggang 2012. Siya ang Senior Researcher ng TGEU's at sinimulan niya ang TvT project noong 2009.

#### Ms. C. Joy Cruz

... isang University Researcher sa University of the Philippines Population Institute. Si Ms. Cruz ay may double master's degree sa Business Administration and Demography, mula sa University of the Philippines Diliman. Ang ilan sa mga larangan na kanyang pinagdalubhasaan ay fertility, kasarian at sekswalidad, adolescent studies at technical demography, kasama na ang population projections at population aging. Ang ilan sa kanyang mga kinalahokang adbokasiya ay pagiging miyembro ng iba't ibang nga NGO, katulad ng STRAP Kababaihan Philippines, Inc. at ng Philippine Population Association, na kung saan dati siyang opisyal nito. Siya ay kasalukuyang miyembro ng Board of Trustees, naninilbihang bilang Ingat-Yaman ng Demographic Research and Development Foundation, Inc.

#### Jan Simon Hutta

... isang Lecturer sa University of Bayreuth sa Germany, at nagtatrabaho sa Cultural Geography Research Group. Siya ay nakapagsaliksik na tungkol sa sexual at transgender politics sa Brazil at Germany. Natanggap niya ang kanyang PhD sa The Open University in Milton Keynes, UK. Noong 2010, ginawa niya ang pagsasaliksik para sa TvT. Siya ay miyembro ng komite ng Space, Sexualities and Queer Research Group (SSQRG) ng Royal Geographic Society, at miyembro ng Editorial Board ng *Revista Latinoamericana de Geografia e Género* at isa sa mga patnugot na nagtatag ng *sub\urban – zeitschrift für kritische Stadtforschung*. Siya ay kasalukuyang naghahanda para sa kanyang pag-aaral tungkol sa mga migranteng trans.

#### Charlese 'Char' Saballe

... papaalis na Chairwoman ng Society of Transsexual Women of the Philippines (STRAP), ang nangunang transgender human-rights advocacy at support organisation para sa mga transpinay. Si Charlese ang project co-coordinator sa Pilipinas ng Proyeklong Transrespect versus Transphobia (TvT) sa Buong Mundo sa pikikipag-ugnayan sa Transgender Europe (TGEU). Siya ay ang isa sa mga nagtatag ng TransAmbassadors Finland; at kasama ng kanyang kabiyak na si Jaakko Jaskari, ay kasalukuyang gumagawa ng isang dokumentaryo tungkol sa mga babaeng trans. Siya ay kumuha ng kursong Statistics sa University of the Philippines at siya ay isang Data Analytics professional na may kadalubhasaan sa data reporting at workforce management.

### III.d Mga tala

- 1 Sumangguni sa Council of Europe Commissioner for Human Rights, Human Rights and Gender Identity, issue paper, July 2009, makikita sa <https://wcd.coe.int/ViewDoc.jsp?id=1476365> (huling kinonsulta noong 15 Hulyo 2015)
- 2 *Human Rights and Gender Identity* (op. cit.), p. 44.
- 3 C. Balzer and J.S. Hutta, Transrespect versus Transphobia Worldwide: A Comparative Review of the Human-rights Situation of Gender-variant/Trans People, November 2012, p. 5, makikita sa [http://www.transrespect-transphobia.org/uploads/downloads/Publications/TvT\\_research-report.pdf](http://www.transrespect-transphobia.org/uploads/downloads/Publications/TvT_research-report.pdf) (huling kinonsulta noong 15 Hulyo 2015)
- 4 Sumangguni sa [www.transrespect-transphobia.org](http://www.transrespect-transphobia.org) Habang tinutukoy ang TMM and Legal Mapping, sinabi ni Radcliffe: 'Ang dokumentasyon ng karahasang may kinalaman sa Transphobia at pagtala ng legal na kondisyon ng mga taong transgender ay natatangi at nagbibigay ng malinaw na paliwanag ng laki ng problema at ng iba't ibang maaring gawin kung paano ito sila masosolusyunan.' Sumangguni sa Transrespect versus Transphobia Worldwide: A Comparative Review of the Human-rights Situation of Gender-variant/Trans People (op. cit.) p. 5.
- 5 Ang Red Umbrella ang nagsagawa ng ikalawang yugto ng pananaliksik na ito sa Turkey.
- 6 Sumangguni sa <http://www.stigmaindex.org/> (huling kinonsulta noong 15 Hulyo 2015)
- 7 Sa Kanlurang Bengal, kalahati lamang ng mga kalahok ang sumagot nito.
- 8 Sa Serbia, maraming kalahok ang sumagot ng 'Yugoslavia', ang dating pangalan ng bansa na kung saan sila ipinanganak.
- 9 Dahil walang batas na gender recognition sa Serbia, ang proseso ay naka-depende sa mga kawanin ng gobyerno, kaya maaring puwedeng matanggihan ang kahilingan ng mga taong trans ng walang eksplanasyon. Ang mas detalyeng impormasyon tungkol dito ay matatagpuan sa kabanata ng Serbia.
- 10 Sumangguni sa, e.g. Americas Quarterly 'Colombia strikes physical exam requirement for gender change', 2015, makikita sa <http://www.americasquarterly.org/content/colombia-strikes-physical-exam-requirement-gender-change?utm> (huling kinonsulta noong 15 Hulyo 2015)
- 11 Sumangguni sa C. Balzer, Gender Outlaw Triptychon: Selbstbilder und Formen der Selbstorganisation in den Transgender-Subkulturen Rio de Janeiros, New Yorks und Berlins, PhD thesis, Free University of Berlin, 2007, pp. 132-134, 348-356, 378, makikita sa: [http://www.diss.fu-berlin.de/diss/receive/FUDISS\\_thesis\\_000000005722](http://www.diss.fu-berlin.de/diss/receive/FUDISS_thesis_000000005722) (huling kinonsulta noong 1 Hulyo 2015)
- 12 Isaalangalang na lahat ng mga kalahok sa lahat ng bansa ay hindi sumagot sa tanong na ito.
- 13 Anim lang sa 28 na mga kalahok ang sumagot ng tanong na ito.
- 14 C. Brewer, 'Baylan, asog, transvestism, and sodomy: Gender, sexuality and the sacred in early colonial Philippines', *Intersections: Gender, History and Culture in the Asian Context*, 1999, Vol. 2, makikita <http://intersections.anu.edu.au/issue2/carolyn2.html> (huling kinonsulta noong 5 Setyembre 2014).
- 15 Sumangguni sa J.N. Garcia, 'Male homosexuality in the Philippines: A short history', *I.I.A.S. Newsletter* 35, Nob. 2004, makikita sa [http://www.iias.nl/sites/default/files/IIAS\\_NL35\\_13.pdf](http://www.iias.nl/sites/default/files/IIAS_NL35_13.pdf) (huling kinonsulta noong 12 Hunyo 2015).
- 16 M. Johnson, *Beauty and Power: Transgendering and Cultural Transformation in the Southern Philippines*, Oxford: Berg, 1997, pp. 26-27.
- 17 Sumangguni sa 'Baylan, asog, transvestism, and sodomy' (op. cit.).
- 18 Sumangguni sa S. Sasot, 'Learning from the Teduray people: Valuing self-determination', *Outrage Magazine*, 30 May 2015, makikita sa <http://outragemag.com/learning-from-the-teduray-people-valuing-self-determination> (huling kinonsulta noong 3 Hunyo 2015).
- 19 J.N. Garcia, *Philippine Gay Culture: Binabae, Bakla, Silahis to MSM*, Diliman, Quezon City: University of the Philippines Press, 2008, pp. 14, 23-25, 36, 162-179; B. Alegre, *Toward a Better Understanding of Hormone and Silicone Injection Use and Self-perception of Transgender Women in the Philippines and Hong Kong*, University of Santo Tomas, Manila, 2013, pp. 9, 16; 'Beauty and power' (op.cit.).

- 20 M. Manalansan, *Global Divas: Filipino Gay Men in the Diaspora*, North Carolina: Duke University Press, 2003, pp. 20-25, 101-105; *Philippine Gay Culture* (op. cit.), pp 46-60; *Toward a Better Understanding of Hormone and Silicone Injection Use and Self-perception of Transgender Women* (op. cit), pp. 8-9, 16-17.
- 21 *Philippine Gay Culture* (op. cit.), pp. 61-80.
- 22 Sumanguni sa S. Sasot, 'Our brave new world: A brief history of the birth of the transgender movement in the Philippines', *Outrage Magazine*, 21 Nob. 2012, makikita sa <http://outragemag.com/our-brave-new-world-third-of-five> (huling kinonsulta noong 5 Setyembre 2014).
- 23 Ipenitasyon ni Dr. Mely Silverio na palitan ang kanyang unang pangalan at kasarian sa kanyang katibayan ng kapanganakan. Noong Octubre 2007, ipinasiyahan ng Korte Sumprema na ang petisyon ay kulang sa merito base sa sumusunod na dahilan: ang pangalan ng isang tao at hindi maaaring palitan sa kadahilanan ng sex reassignment, walang batas ang nagpapahintulot na baguhin ng isang tao ang kanyang kasarian sa katibayan ng kapanganakan sa kadahilanan ng sex reassignment at hindi maaaring baguhin ng isang tao ang kanyang pangalan at kasarian sa kanyang katibayan ng kapanganakan sa kadahilanan ng pagkamakatao. Sumanguni sa *Silverio vs. Republic of the Philippines G.R. No. 174689*, 22 Oktubre, 2007, makikita sa <http://sc.judiciary.gov.ph/jurisprudence/2007/october2007/174689.htm> (huling kinonsulta noong 25 Mayo 2015).
- 24 Ang Barangay ang pinakamaliit na yunit ng pamayanan sa Pilipinas at mayroong humigit kumulang na 42,000 na mga ito sa bansa.



I Ginagabayan ni Dr. Brenda Alegre ang miyembro ng STRAP sa isang training tungkol sa kalusugang pang-transgender

## | Notes



A major obstacle in developing concrete steps towards changing the social situation of trans and gender-diverse people is the lack of data.

The present comparative survey on the social experiences of trans and gender-diverse people – which complements the on-going Trans Murder Monitoring and Legal and Social Mapping projects of the TvT research project – tries to address this issue for a small selection of countries, i. e. Colombia, India, the Philippines, Serbia, Thailand, Tonga, Turkey and Venezuela. The survey was implemented in form of a peer research combined with empowerment of local activists and carried out in cooperation with eight Transgender Europe’s partner organizations in Asia, Europe, Oceania, and South America.

The results confirm the experiences of trans activists with empirical data on many issues, including police violence against trans sex workers. At the same time, they reveal blind spots of discrimination and Transphobia, including the situation of trans and gender-diverse children and teenagers.

This report presents the in-depth country analysis for the Philippines.

## Transrespect versus Transphobia

The Social Experiences of Trans People in the Philippines  
(with Filipino Translation)

| Edited by Charlese Saballe and Carsten Balzer /Carla LaGata

TvT Publication Series Vol. 11



Society of Transsexual Women of the Philippines



TRANS RESPECT VERSUS TRANSPHOBIA  
W O R L D W I D E

[www.transrespect.org](http://www.transrespect.org)

